


NAGMAMALASAKIT SIYA.

NAGMAMALASAKIT KA BA?

 Salamat, Kapatid. Manatili tayo sa pagkakatayo pansumandali ngayon para sa panalangin. Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, mayroon bang anumang kahilingan na nais n'yong banggitin, o ipabatid sa pamamagitan ng pagtataas ng inyong kamay, sige't itataas n'yo lang ang kamay n'yo, sige, manghawakan lamang kayo sa kahilingan n'yo ngayon.

² Makalangit naming Ama, lumalapit kaming muli sa Iyo, para sa mga kahilingan na ito na . . . nakataas ang mga kamay nila ngayon sa ere. At nangangailangan sila sa umagang ito, Panginoon, ng maraming bagay. Nalalaman Mo po kung ano ang iniisip nila sa kanilang puso, dahil Ikaw ang Salita, at ang Salita'y Kumikilala sa mga pag-iisip at mga hangarin ng puso. Idinadalangin ko sa Iyo, Diyos na Maawain sa lahat, na tutugunin Mo ang bawat isa sa kanila ayon sa kanilang mga pangangailangan, yamang nalalaman, na gagawin Mo ito ayon sa kanilang pananampalataya. Pagkalooban Mo kami ng pananampalataya habang binibigkas namin ang Iyong Salita, Panginoon, na magdala nawa Ito ng pananampalataya sa kanila. Tulungan Mo po ako na bigkasin ang Iyong Salita, dahil ang Iyong Salita'y Katotohanan, nang sa gayon ay makapagdala Ito ng pananampalataya para matugunan ang mga kahilingang ito. At heto rin na maaaring may ilan dito, Panginoon, na lumihis sa makitid na daang 'yun, na hindi lumalakad sa Katotohanan ng daan. Dalangin po namin, Ama, na may bagay na mapangyari ngayon, at mahayag, na agad silang babalik sa landas na 'yun ng pakikisama muli kay Cristo. Papaubos na ang mga araw, ang kasamaan ay nasa lahat na ng dako, may malawakang pagtalikod. At idinadalangin namin, Ama, na ipapakilala Mo po ang Iyong Sarili sa amin ngayon, sa pamamagitan ng pagpapagaling sa mga maysakit na nasa aming kalagitnaan, paggawa ng mga himala. Hindi sa kailangan Mo po itong gawin, Panginoon, para ipaalam Mo sa amin na Ikaw ay Diyos, kundi dahil nangako Kang gagawin ito. At alam namin na ipagkakaloob Mo sa amin ang mga pangako Mo, kung sasampalatayanan lamang namin ang mga 'yun at mapagkikilala na totoo ang mga ito. Hinihiling po namin ang mga pabor na ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

³ Makakaupo na kayo. Naglalaan lang ako ng kaunting sandali para basahin ang ilan sa mga kahilingan na nakalagay rito, may dalawa o tatlo po, ang isa rito'y isang kahilingan

para sa panalangin. Mangyari nga, na maraming panyo ang nakalapag dito na ikagagalak natin na—na ipanalangin ang mga ito maya-maya, kapag nadama na natin ang Presensya ng Espiritu Santo sa—sa rurok Nito. Sa punto na 'yan ko sinisikap na ipanalangin ito, kapag ang buong kongregasyon, ang lahat ay napahiran na ng Kanyang Presensya.

⁴ Ikinalulungkot namin na—na marami ang di kumportable, napakarami pong nakatayo, at wala nang lugar para makaupo sila. At—at sa araw pa man na ganito na mainit ang panahon at pinakamainit pa mismo, nakakaranas tayo ng humigit-kumulang sandaang porsiyentong halumigmig at humigit-kumulang sandaang temperatura, kaya naman napakalagkit at maalinsangan.

⁵ At naglaan ako ngayong umaga para sa mga gawain ng pagpapagaling, o hindi . . . Ang dahilan kung bakit ginagawa ko ang gawain ng “pagpapagaling” na 'yun, ay dahil inilalagak ko ang pananampalataya ko sa ipinangako Niya. Kita n'yo? Ngayon, hindi ko masasabing gagawin Niya ito, pero nananampalataya akong pagkatapos na makapakinig ng Kanyang Salita at ibinabatay ang ating pananampalataya sa ipinangako Niya, hayan nga na mayroon tayong karapatan na angkinin ang Kanyang mga pangako ng pagpapagaling, tulad ng mayroon tayong karapatan sa Kanyang mga pangako ng pagliligtas.

⁶ May ilang kahilingan dito. Hindi ko alam kung pinapagana na nila ang mga rekorder para rito, o hindi pa. Maaaring ayos lang. Buweno, sa palagay ko ayos lang ito para sa mga tagalabas, sa publiko na marinig ito, isa po itong kahilingan.

Nagpropesiya ka ba na magkakaroon ng isang—isang milyong negro na papatayin sa . . . o inanunsyo mo lang ba na magkakaroon—magkakaroon ng ganitong pangyayari?

⁷ Ngayon, kita n'yo, lagi kong hinihiling noon pa man sa inyo na mag-ingat sa pinapakinggan n'yo. Kita n'yo? Malaking bahagi nito ang sa panig lang ng pagiging tao. Pero sa tuwina kung magay bagay man na lalabas, ito ang sasaysayin nito, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON,” maging sa mga pangitain o sa ano man. Ang mga pangitain sa entablado, sa madla, kayo mismo ang gumagawa nun; hindi ang Diyos, kayo 'yun. Kita n'yo? Hindi ang Diyos ang may bunsod ng pangitaing 'yun, kayo mismo ang may bunsod nito, sa pamamagitan ng inyong pananampalataya sa isang Makalangit na kaloob.

⁸ Tulad ng paghipo nung babae sa damit ni Jesus, hindi Niya alam kung sino 'yung babae o kung anong diperensya sa babae, haya't 'yung babae mismo ang may bunsod nun. Kita n'yo? Ngayon, hindi 'yun GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Yung GANITO ANG SABI NG PANGINOON ay noong nagsalita na si Jesus pabalik at sinabi sa babae na iniligtas siya

ng kanyang pananampalataya. Pero, kita n'yo, kinakailangan n'yong magbantay.

⁹ Kaya hindi, ang sinasabi ko lang ay patungkol kay Martin Luther King, dito sa malaking kasawiang-palad na nararanasan nila sa Timog, sa—sa mga taong itim. Ang sinabi ko, “Kung mga alipin ang mga taong ’yun, dadalhin ko ang aking iglesya’t pupunta ng timog para tulungan sila roon na makaalis mula sa pagkaalipin.” Gagawin ko talaga, dahil tao ang nagbunsod ng mga alipin, hindi ang Diyos. Iisa ang dugo nating lahat. Nagmula tayong lahat sa isang puno, at ’yun ay mula kay Adan. Ang Diyos, sa pamamagitan ng isang dugo, ay ginawa ang lahat ng mga bansa. At tayo man, ay kulay kayumanggi, o itim, o dilaw, o pula, o ano pa man ito, mga nilalang tayong lahat ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, kita n'yo, at dapat ay walang anumang pagkakaiba sa atin.

¹⁰ Ang suliranin dun ay ’yung “segregasyon ng paaralan.” Ngayon, naroon ako noong unang pag-aalsa, at narinig ko ito, at alam ko—alam ko ang pinanggagalingan ng sinasabi ko. Maayos ang paaralan ng mga taong itim, kung minsan mas maayos pa kaysa sa ibang mga paaralan. Haya’t, halimbawa, doon sa Shreveport sila’y may magagandang paaralan kaysa sa paaralan ng mga puti. Pero dahil nga ito sa kaisipan na galing sa isang tao na nag-iimpluwensya sa kanila na dapat silang pumunta’t humalo. Na, sa tingin ko ay ayos lang naman, pero hangga’t iprinoprotesta ito ng mga tao, nung mga taga-timog, kung ganoon ano namang kabutihan ang maidudulot nito?

¹¹ At sa tingin ko si Martin Luther King ay naimpluwensyahan ng Komunismo, na magpapahantong sa humigit-kumulang na isang milyong katao sa ganap na bitag ng kamatayan. Kita n'yo? Hindi ko sinasabing sinabi ’yun ng Panginoon sa akin. “Ako” ay naniniwala, kita n'yo. At ako’y naniniwalang hindi ito dapat gawin. Sa tingin ko ay dapat na maging mga Cristiano ang mga tao’t kilalanin ang isa’t isa bilang magkakapatid. Haya’t, pero sa tingin ko dahil lang sa . . .

¹² Ang Estados Unidos na ito, ito ngang gobyernong ito ay sinasabi sa akin ngayon na ni hindi ko raw man lang maaaring pirmahan ang tseke na—na maging ’yung . . . ibibigay sa akin nang personal. Kita n'yo? Karapatang ayon sa konstitusyon ’yun na inalis sa akin, pero anong magagawa ko tungkol dito? Magpatuloy na lang, ganoon na lang. Kita n'yo? At kinakailangan pa raw itong dumaan sa ibang sistema bago ako na isang mamamayan ng Estados Unidos ay makapagpapalit ng isang tseke, na kinakailangan daw dumaan sa pamamagitan ng simbahang ito, na hindi ko raw ito puwedeng ipapalit. Kita n'yo? At hindi ’yun tama. Labag ’yun sa konstitusyon. Pero anong— anong magagawa ko tungkol dito? Wala nga. Yung maniningil ng buwis dito’y nagsabi sa akin na hindi ko raw ito maaaring

gawin, kaya naman, buweno, hayan na nga. Kung ganoon, ano naman. Kaya hayaan na lang.

¹³ Sa tingin ko'y dapat na ganoon din ito, na ang . . . na ang mga itim kong kapatid na lalaki't kapatid na babae sa Timog ay hindi dapat mag-alsa laban sa kanilang mga kapatid at kung ano pa sa bagay na gaya nun na napakaliit na bagay. Naku, ano naman ang diperensya kung *saan* o sa kung *anong* paaralan ka pumapasok? Nakita ko ang isang magandang babaing itim nung umagang 'yun noong sila ay . . . nagkaroon sila ng pag-aalsa dun sa Shreveport, at isang matandang itim na ministro ang paulit-ulit na sinasabi sa milisya, sabi niya, "Pahintulutan n'yo akong kausapin sila." At mangyari nga na isa siyang maka-Diyos na matandang lalaki, haya't tumayo siya roon at sinabi niya, "Hindi ko kailanman ikinakahiya ang kulay ko." Sabi niya, "Ginawa ako ng naglikha sa akin sa paraan na kung ano ako, at hindi ko kailanman ito ikinakahiya, pero, ngayong umaga nga." Anupa't ang sabi, "Noong makita ko kayo, na kalahi ko, na ganito ang ikinikilos," sabi, "hayan nga na ikinahiya ko ang pagiging itim." May tinawang na milisya, sinigawan siya na bumaba.

¹⁴ Pagkatapos isang mahusay, na edukado't, disenteng-tingnan na itim na ginang, na may katalinuhang, grabe, nakatataas. Ang sabi niya, "Unang-una, ayaw kong paturuan ang mga anak ko sa isang babaing puti."

Sabi, "Bakit?"

¹⁵ Sabi, "Dahil hindi siya magkakaroon ng pagmamalasakit sa mga anak ko gaya ng isang . . . isang itim na guro." At sabi, "Tingnan n'yo ang mga paaralan natin dito. Para saan ang isinisigaw n'yo?" Sabi, "Mayroon tayong mga palanguyan at lahat na sa mga paaralan natin, at wala sila nito roon." Sabi, "Ngayon, para saan ang isinisigaw n'yo?" At sinigawan nila siya na bumaba, kita n'yo.

¹⁶ Naimpluwensyahan ito ng maling bagay, kita n'yo, kita n'yo, sila, silang mga tao. At 'yun ang dahilan kung bakit sinasabi ko 'yun, hindi dahil may kung anong—kung anong propesiya patungkol dito. Wala akong anumang isinama dun na mula sa Panginoon. At tiyakin n'yo, kapag may sasabihin akong anuman na mula sa Panginoon katulad nun, na sasabihin ko sa inyo, ito'y palaging . . . Heto nga ngayon na ako ang nagsasalita. Pero kapag Siya ang nagsasalita, sasabihin ko, "Hindi ako ito, ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON." At hindi ko ito maaaring sabihin hanggang sa sabihin Niya mismo sa akin. Maaaring mali ako sa iniisip ko tungkol kay Martin Luther King. Hindi ko alam, hindi ko masabi. Opinyon ko lang 'yun. Anumang bagay na nagdudulot ng kaguluhan, 'yun kasi ang inaasahan na mangyari sa huling mga araw. At ang lahat ng ito'y inimpluwensyahan ni Satanas, para sirain ang ating komonwelt at kung ano man ang mayroon tayo, anumang bagay na pag-aaklas gaya nun.

Mangyari po na panig ako sa mga tao roon, huwag n'yong kailanman isipin na hindi ako para sa kanila. Ako—ako po'y para sa kalayaan at para sa lahat ng bagay, pero hindi kontrolado ng mga tao ang situwasyong 'yun ngayon. Pero ang ibubunsod nga nito, sa paniwala ko'y magpapasimula ito ng panibagong rebolusyon kung walang magpapahinto nito. Kita n'yo, ang Komunista ang kumikilos sa gitna ng mga taong 'yun.

¹⁷ Naroon ako sa Aprika noong ganoon din ang ginawa nila. Kita n'yo? At alam kong may mga Komunistang nakapasok dun na sinasabi sa mga taong itim, "Oh, kayo'y *ganito, ganoon*, o kung *ano pa*. Kayo'y *ganito, ganoon*, o kung *ano pa*." At bigla mo na lang malalaman, nagdulot na 'yun na libo-libo sa kanila ang mapatay. At saan sila humantong? Wala nga, kita n'yo, wala.

¹⁸ At mahal ko—mahal ko mismo ang buhay ng tao. Paglingkuran natin ang Panginoon. Ang Kaharian natin ay sa Itaas; walang anuman ukol sa bagay na ganito rito. Hangga't kumakain tayo, umiinom, at nakakakilos, ano pa bang nais n'yo? Kita n'yo? Kaya alam ko na ang mangyayari. Akin—akin ngang napagtatanto na magdudulot lang ito ng suliranin.

Ngayon, 'yung isa pang tanong dito.

Si Juan Bautista, noong nakatagpo niya si Jesus, kita n'yo, bakit sinabi Niya, "Ganito ang nararapat sa atin upang matupad ang buong katuwiran"? Ano pong ibig sabihin nito?

¹⁹ Buweno, naalala ko tuloy si Dr. Roy Davis, isang—isang—isang personal kong kaibigan, na nagbautismo sa akin sa kaisa-isang pagkakataon na nabautismuhan ako. At may sinabi siya na ang ibig sabihin daw ni Juan noon, naaalala ko ito sa kanilang paaralan, sabi niya, "Batid ni Juan na di pa siya kailanman nabautismuhan, siya mismo, kaya kanyang. . . si Jesus. Ibinunsod ni Juan na bautismuhan siya ni Jesus." Buweno, sa bagay na 'yun, hindi ako—hindi ako sang-ayon sa—sa mahusay na doktor sa bagay na 'yan.

²⁰ Hindi para makipagtaló, kundi para sa kapakanan ng Katotohanan ay sasabihin ko ito. Hindi, hayon 'yun dalawang lalaki, 'yung dalawang pinuno ng panahong 'yun, ang Mesiyas at ang Kanyang propeta ay nagtagpo sa tubigan. Ngayon alalahanin n'yo, nagbabautismo noon si Juan hindi para sa kapatawaran ng mga kasalanan, kundi tungo sa pagsisisi. Hindi para sa kapatawaran ng mga kasalanan, dahil hindi pa nagawa ang paghahandog, kita n'yo, wala pang Hain. At pinuntahan siya nung Hain sa tubigan. Pansinin n'yo po. Tumanaw si Juan at nakita si Jesus, ang sabi niya, "Ako ang dapat Mong bautismuhan. At bakit Ikaw pa ang lumalapit sa akin?"

²¹ Sinabi ni Jesus, "Hayaan mong mangyari 'yun ngayon," na nangyari naman. "Hayaan mong mangyari ito ngayon, sapagkat ganito ang nararapat sa atin, o ganito dapat tayo, upang matupad ang buong katuwiran." Kaya naman si Juan,

bilang isang propeta na dinaratnan ng Salita ng Panginoon, na dumarating lamang sa propeta. Si Juan, bilang isang propeta, ay naunawaan na hayun na ang Hain. At ayon sa Kautusan, ay kinakailangang mahugasan ang hain bago ito maihandog, at 'yun ang dahilan kung bakit Siya'y binautismuhan niya. Kita n'yo? Sinabi Niya, "Ganito ang nararapat sa atin upang matupad ang buong katuwiran." Ang Hain, na Siya nga, ay kinakailangang mahugasan sa hugasan bago ihandog bilang hain. At si Jesus ang Hain; at alam ito ni Juan, at alam niyang kinakailangan ni Jesus mahugasan bago ihandog. At agad-agad pagkatapos, iniharap na Siya sa publiko para litisin at Siya ang Hain para sa lahat ng buhay ng tao. Pagpalain kayo ng Panginoon.

²² Ngayon ay magkakaroon lamang tayo ng isang maikling Mensahe, at nagtitiwala akong ipagkakaloob sa atin ng Panginoon ang mga pagpapala Niya. Ngayon, marahil, kung makabalik ako...aalal ako nitong susunod na linggo para dalhin ang mga bata sa isang maikling bakasyon doon sa mga burol. At pagkatapos kung ako'y—kung makabalik ako sa oras, nais nating mangusap sa susunod na Linggo ng umaga, kung ipapahintulot ng Diyos at ng pastor dito. Ipapabatid namin sa inyo nang malayo pa sa linggong ito, kayo na mga tagalabas ng bayan, ipapaalam namin sa liham. Nais kong mangusap ukol sa paksa ng kung bakit nga ba tayo naniniwala sa mga bagay na pinaniniwalaan natin tungkol kay Cristo, kung bakit kinakailangan na sa ganitong paraan at hindi maaaring sa ibang paraan. Kita n'yo? At patunayan ito sa pamamagitan ng mga Kasulatan. Ngayon, kung loobin ng Panginoon. Kung hindi, sisikapin kong makita kayo sa parating na taglamig o sa susunod na tag-init, alinman, pagbalik namin, kung magtagal pa ang Panginoon. Babalik na kami ngayon sa amin sa Arizona, para maipasok namin ang mga bata sa paaralan.

²³ Ngayon, ngayong umaga, bago lamang manalangin para sa mga maysakit, babasa tayo ng ilan sa Salita ng Diyos. Na, alam natin na kung wala ang Salitang ito, haya't imposible, wala ngang magagawa. At ang Salita lamang ang makapagbibigay ng mga pagpapalang ito na hinihiling natin para sa mga maysakit at nangangailangan. At gusto kong bumasa ng ilan ngayon mula sa Unang Pedro, sa ika-5 kabanata, simula sa unang talata. At pagkatapos mula sa Aklat ng Mga Hebreo, gusto kong basahin ang Mga Hebreo 2:2-4.

Sa matatanda nga sa inyo'y umaaral ako, akong matandang kasamahan ninyo, at isang saksi ng hirap ni Cristo, na may bahagi naman sa kaluwalhatiang ihahayag:

Pangalagaan ninyo ang kawan ng Dios na nasa inyo, na magsigamit kayo ng pagpupuno, na hindi sapilitan, kundi may kasayahan na ayon sa kalooban ng Dios; ni

hindi dahil sa mahalay na kapakinabangan, kundi sa handang pagisip;

Ni hindi din naman ang gaya ng kayo'y may pagkapanginoon sa pinangangasiwaang ipinagtagubilin sa inyo, kundi kayo'y maging mga uliran ng kawan.

At pagkahayag ng pangulong Pastor, ay magsisitanggap kayo ng di nasisirang putong ng kaluwalhatian.

Gayon din naman, kayong mga kabataan, ay magsisuko sa matatanda. Oo, kayo-kayo'y maglingkuranan, at hindi mangagbigkis...at mangagbigkis ng kapakumbabaan: sapagka't ang Dios ay sumasalangang sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba.

Kaya't kayo'y mangagpakababa...sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, upang kayo'y kaniyang itaas sa kapanahunan:

Na inyong ilagak sa kaniya ang lahat ng inyong alalahanin; sapagka't kayo'y ipinagmamalasakit niya.

²⁴ At sa Mga Hebreo, sa ika-2 kabanata, mababasa natin ang Mga Salitang ito. Ngayon hahango ako para makapagbigay ng isang teksto, “na inyong ilagak ang inyong alalahanin.” Ang aking...Ang teksto ko ay: *Nagmamalasakit Siya. Nagmamalasakit Ka Ba?* Gusto kong basahin ang bahaging ito ngayon, habang bumubuklat kayo sa Mga Hebreo 2, para makita n’yo ang—ang tunay na kahulugan ng mga Salitang ito, kung ano ang mga ito, kung ano ang ibig sabihin ng tekstong ito.

Kaya't nararapat nating pagkatantuin ang mga bagay na narinig, baka sakaling tayo'y makahagpos.

Sapagka't kung ang ipinangusap na salita sa pamamagitan ng mga anghel ay—ay nagtibay, at ang bawa't pagsalangsang at pagsuway ay tumanggap ng matuwid na parusa na kabayaran;

Paanong makatatanan tayo, kung ating pabayaan ang ganitong dakilang kaligtasan; na ipinangusap ng Panginoon noong una, ay pinatunayan sa atin sa pamamagitan ng mga nakarinig;

Na pawang ang Dios naman...ay sinaksihan, na may...sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan, at...saganang kapangyarihan, at ng mga kaloob ng Espiritu Santo, ayon sa kaniyang sariling kalooban?

²⁵ Gusto kong gamitin ang paksa rito, ng, “Nagmamalasakit Siya.” At, “Nagmamalasakit ka ba?” Noong narito Siya sa lupa,

nagmalasakit Siya sa mga tao. At naiisip ko ang tungkol dito bago lamang mangusap o manalangin para sa mga maysakit, nang hindi ko alam kung anong uri ng—ng pila para sa pananalangin ang magkakaroon tayo.

²⁶ Ako, Ako . . . unang-una, at sa pagdako rito, kinakailangang mapahiran ng pananampalataya ang mga tagapakinig. Kayo—kayo, kung wala kayong pananampalataya, kung ganoon ay haya't—haya't di na kailangan na pumunta pa rito para maipanalangin, dahil kinakailangan na ang pananampalataya n'yo at ang pananampalataya ko'y magkasama; ang pananampalataya ko para sumampalataya sa Kanya, ang inyong pananampalataya para samampalataya sa Kanya. Kaya huwag nating kalilimutan ito ngayon habang umuusad ako. Kailangang mayroon tayong malinaw na batayan, may katibayan, ang ibig kong sabihin, na maibabatay natin ang ating pananampalataya sa kung ano ang sinisikap nating gawin. Dahil kung dadako ang isang tao sa anumang bagay na gusto niyang gawin, nang wala namang sapat na pananampalataya, tiyak na mabibigo siya. Pero kung magawa niyang dumako rito nang may sapat na pananampalataya, kung ganoon ay tiyak siyang magtatagumpay kung ito'y ayon sa kalooban ng Diyos at layunin na gawin ito.

²⁷ Ngayon, iniisip ko Siya na nagmamalasalakit. Kagabi, sa kung paanuman, haya't kakatwa po, ako'y pinangunahan ng Espiritu Santo. Noong hinihintay ko ang isang kasamahan na dumating para tulungan si Kapatid na Wood na ilagay ang isang—isang trailer na binuo niya sa likod ng kanyang truck. Hindi ko alam kung bakit sinisikap kong hanapin ang mabuting kaibigan ko, na si Kapatid na Evans, at nagpunta ako't, tumutugaygay sa daang-bayan. Na, alam ng maybahay ko't pamilya ko na nakaupo rito sa may likod na totoo ito. At mangyari nga, haya't kakatwa, umikot ako't bumalik sa isang lugar, sa isang motel.

²⁸ At, oh, gaano ngang natuwa ang puso ko na makita ang napakarami sa mga kaibigan ko na nagkatipon dun nang halos dalawang minuto, hanggang sa naharangan na ang daanan, hindi na makadaan ang mga sasakyan, talagang mga totoong kaibigan, nagmaneho nang daan-daang milya, mula Georgia at Tennessee at Alabama, at sa buong palibot, para lang—para mismo mapakinggan ang isang gawain. Pagkatapos ay pumasok ang isang kaisipan sa isipan ko, “Kung ganoon ay ano kaya ang sasabihin ko sa mga taong 'yun, na nalalaman na sa Araw ng Paghatol ay kinakailangan kong managot para sa kung anong sasabihin ko sa kanila?” At ako rin naman ay isang—isang may paggiliw dito sa magandang buhay na darating, at nais ko—nais kong makadako roon.

²⁹ At pagkatapos kakaiba nga na nadako ako sa isang lugar kung saan kakatwa ang liko ko. Sa halip na umikot dun, umusad pa ako para lumiko. At kumislap 'yung mga ilaw sa dalawang kalugud-lugod na tao sa labas, dalawang magagandang binibini

na kakakasal ko lamang sa dalawang matitikas na mga bata-bata pang ministro. At si Satanas, pagkatapos niyang makita 'yung—'yung ministro, ang isa sa kanila'y nagpapasimula na ng kanyang pagmiministryo't kumuha siya ng isang—isang makakasama sa buhay rito mismo, sa altar na ito. Nagtungo sila nang masaya sa kanilang honeymoon, at—at sinunggaban ng kaaway ang lalaking ito. At sinasabi ko ito para ipahayag itong ipinapangusap ko na, “Nagmamalasalakit ba Siya?” Mangyari nga, nang may taglay na pananampalataya na di tumatanggap ng “hindi,” bumaling sila't bumalik dito, yamang nalalaman na nakarating na sila sa malayo (nasa silangan na) dito sa isang lugar sa kanilang honeymoon, nagbalik at nakaupo, naghihintay. At pumasok ako, matikas na guwapong bata pang lalaki; ang maybahay niya'y nakaupo sa labas, umiiyak, siya at ang munti nilang kasama. At dumarating 'yung isa pang lalaki at isa pang kapatid na lalaki, tumatakbo, na kaibigan nung kabataang lalaki na ito, ang sabi, “Oh, Kapatid na Branham, *ganito* at *ganoon* ang nangyari.”

³⁰ Pumunta ako roon at nakita itong guwapong lalaki na nakaupo roon, nasa kalakasan mismo ng kanyang buhay, isang pinuno ng mga kabataang lalaki, nakaupo roon, at ginapos siya ni Satanas. Hindi niya napansin, pero iniabot ko ang kamay ko (kaliwa) para makipagkamay sa kanyang kamay (kanan), para tingnan kung dinapuan ba siya ng isang karamdaman. Pero walang palatandaan ng panginginginig. Siyanga't paglabas ko mismo sa silid mula sa pananalangin at pag-aayuno, at paghinhintay sa Panginoon, naroon ang pahid ng Espiritu Santo, at kaya pinangunahan kami Nito, kita n'yo. At pagkatapos nakita ko 'yung aninong 'yun ng kadiliman sa ibabaw niya, hindi ko sinabi kung anong ginagawa ko, pero wala pang ilang sandali ay nawala nang lubos ito, 'yung panlalamig sa kanyang mga kamay ay nawala na, sumisigaw na siya't nagpupuri sa Diyos, ilang minuto lang noong muling bumalik siya sa kanyang sarili. At narito't nakaupo sila rito ngayong umaga, nakaupo sa mga tagapakinig. Nakita n'yo kung papaanong tinatangkan guluhin ni Satanas ang kabataang lalaking 'yun, sa pagtutuan sa kanya pabalik sa isang alalahanin na unti-unti muling lumalala, na batid mismo ng Espiritu Santo, at nakita ko 'yun sa pamamagitan ng pangitain ng Panginoon. Pero nagmalasalakit ang Diyos para sa lalaking 'yun. Nagmalasalakit ang Diyos para sa kabataang lalaki.

³¹ Kapapasok ko lang kani-kanina, may isang—isang binibini, nakita ko siyang nakaupo rito sa may pasilyo, na walang. . . ikinuha ko siya ng maupuan, at naupo. Sabi niya, “Siyam na taon, Kapatid na Branham, sinubukan kitang makaugnay.” At sabi niya, “Sobrang desperado ko na! Naatrasado ako nang punta, at kaya hindi ako nakakuha ng prayer card para makasali sana sa pila.”

³² Si Billy, hayan po, utos sa kanya na tiyaking hindi ako maabala, sa paghatid sa akin papasok at pagsundo palabas. Huwag kayong magagalit kay Billy, inutusan lang siya ng lupon dito ng mga tagapangasiwa na gawin 'yun. At kung hindi niya gagawin, hindi ako makakadako sa pila para sa pananalangin, na makapunta rito. Nauunawaan n'yo naman siguro 'yun. Kita n'yo, kinakailangan may sistema sa mga bagay-bagay na ginagawa natin. Kinakailangan nating—nating magkaroon nito, kita n'yo. Hayan nga't sinasabi niya, "Halika na, daddy, dalian mo," dito.

³³ Humakbang paurong 'yung binibini. At sinabi niya, "Kapatid na Branham, may sasabihin lang ako." Habang nakatayo ako roon, lumantad ang isang pangitain sa ibabaw ng magandang binibining ito, at nakita kong nabibigatan ang kanyang puso. At nagsusumikap siyang makapagtrabaho para sa kanyang ikabubuhay. At isang—isang napakabigat na bagay ang nangyari sa nakaraan, noon pang panahon ng mga magulang niya, na naging sanhi na mangyari ang matinding bagay na ito sa kanya, at inihayag ito ng Panginoong Jesus at ipinakita kung ano ito mismo. At doon, sa isang saglit, ay inalis 'yun sa naturang babae. Nagpaikot-ikot siya sa paligid na nagagalak. At ngayon siya'y nakaupo rito sa mga tagapakinig na kasama natin ngayon, nagagalak, na may mga luha, at pinupunasan niya ang kanyang mga mata ngayon, na nalalaman na ang katotohanan nung bagay na 'yun ay ipinabatid na. At siyanga't, hayan nga, ang kaaawa-awang munting neurotikong babaing 'yun, na labis-labis na ninenerbyos na hindi na niya alam kung anong gagawin niya sa kanyang sarili, at iniisip na wala na siyang pag-asa, at wala nang Espiritu Santo, at ito na ang huli niyang araw. Sinubukan niya nang siyam na taon at malapit na siyang mawalan ng pag-asa, nagmalasakit ang Diyos para sa munting babaing 'yun na walang nagmamalasakit sa kanya. Kita n'yo? Napakadakilang panahon! Nagmamalasakit nga Siya.

³⁴ At noong narito Siya noon sa lupa, gaya ng sinasabi ko, nagmalasakit Siya nang husto para sa mga tao hanggang sa pinagaling Niya ang kanilang mga maysakit, inaliw ang kanilang mga puso, sinabi sa kanila ang tungkol sa isang—isang lugar na pupuntahan Niya at maghahanda para sa kanila, at darating muli para Kanyang tanggapin sila. Nagmalasakit Siya para sa kanila. At pansinin n'yo, nagmalasakit Siya nang husto hanggang, noong alam Niyang kailangan na Niyang umalis para dalhin itong dakilang bagay sa atin, sinabi Niya, "Hindi Ko kayo iiwang mag-isa, kundi isusugo Ko sa inyo ang Espiritu Santo, at ipagpapatuloy Niya ang pagmamalasakit Ko sa inyo," hanggang sa Kanyang pagbalik. Walang nagmamalasakit na katulad ni Jesus. Yamang nalalaman na ang Kanyang katawan, bilang Dakilang Saserdote, sa isang gawain ng tagapamagitan na ginagawa Niya ngayon, kinakailangang nasa Presensya ng

Diyos ang Katawang 'yun sa lahat ng oras, para mamagitan, para hindi makita ng Diyos ang kasalanan ng makasalanan; Ang tanging nakikita Niya ay ang Dugo ng Kanyang Sariling Anak. At sa pagkaalam nun, ipinadala niya ang Espiritu Santo para ipagpatuloy na aliwin ang Kanyang bayan. Nagmamalaskit ba Siya? Tunay, nagmamalaskit nga Siya. Ngayon, Kanyang ipagpapatuloy ang pagmamalaskit sa mga tao, sa Kanyang bayan dito sa lupa, sa paraan na pinangalagaan Niya sila noong narito Siya. Dahil sinabi Niya sa San Juan, sa ika-15 kabanata, kung gusto n'yong ilista . . . may mga tala akong nakalapag dito na nakalagay ang mga Kasulatang ito na binabanggit ko, San Juan 15:26 at 27.

³⁵ Nakikita ko ang marami sa inyo na inililista ang mga Kasulatan. Kaya marahil tutukoy ako rito kung hindi n'yo ito alam, nang maraming beses, sa Kasulatan. Isinusulat ko ang Kasulatan, nang sa gayon ay alam ko kung ano ang sinasabi ko rito, dahil palagi itong nasa Salita ng Panginoon. Kita n'yo?

³⁶ Sinabi Niya, kapag dumating ang Espiritu Santo, Na isusugo ng Ama sa Kanyang Pangalan, Siya ay magpapatotoo tungkol sa Kanya. Sa madaling salita, gagawa Siya ng parehong bagay na ginawa Niya noon. Ang Espiritu Santo na gumagawa sa pamamagitan ng isang tabernakulo na Kanyang pinabanal, ay gagawin ang parehong bagay na ginawa Niya noon. Ngayon, ganoon nga ang dapat gawin nun para sa atin! Kung magkagayon ay alam na natin mismo na sa kalagitnaan natin ngayon ay nasa atin ang siya ring umaaliw na Panginoong Jesus sa anyo ng Espiritu Santo, isa pang katungkulan na kung saan ang Diyos Mismo ay gumagawa.

³⁷ Siya ay Kaaliwan sa Israel noong tumitingala sila't nakikita nila ang Haliging Apoy, at naririnig ang propeta na sinasalita ang mga Salita na totoo, at pinagtibay Ito ng Diyos. Yun ang Kaaliwan nila.

³⁸ Siya ay Kaaliwan noong narito Siya sa lupa bilang isang tao, ang Diyos na nagkatawang-tao. Ang Diyos na inirepresenta ang Kanyang Sarili at inihayag ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng isang—isang Tao, si Cristo Jesus, Na nangakong “Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo. At dadako na Ako sa Ama, at ipadadala ang Espiritu Santo, Na siyanga't Ako rin sa anyong Espiritu. At Ako'y sasainyo, at mananahan sa inyo. At ang mismong mga bagay na ginawa Ko rito, ay gagawing muli ng Espiritu Santo sa Aking Pangalan, pagdating Niya.” Kita n'yo? Kaya naman sinabi Niya, “Ang magsalita laban Doon” ngayon pagkatapos na maihain na ang pambayad-sala, ay kasalanan na walang kapatawaran, ang “pamumusong sa Espiritu Santo.”

³⁹ At gagawin Niya ito sa parehong paraan, para malaman natin kung isa lang ba itong kaaliwan mula sa isang makalupang

pananaw, para malalaman natin kung isa lang ba itong kaaliwan mula sa isang nakatatanda na aakbay sa atin at yayakap sa atin nang kaunti't pagagaanin ang ating pakiramdam, o—o isang terminong teolohikal mula sa isang denominasyon na magsasabing “ngayon kaanib ka na namin, at nasa sa amin kasi ito; at huwag ka nang sumama sa iba pa sa kanila, dahil wala sa kanila.”

⁴⁰ Tiniyak Niya ito nang diretsahan mismo, kita n'yo, “Magsasalita Siya sa Aking Pangalan. Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo, kapag Siya'y nasa inyo na.” Kita n'yo, mang-aaliw Siya sa parehong paraan, sa pamamagitan ng pagpapatawad ng lahat ng ating mga kasalanan, pagpapagaling sa lahat ng ating mga karamdaman, at pagsasabi sa atin tungkol sa kaginhawaan ng isang Kahariang darating. Kita n'yo, pinatutunayan ang Kanyang Sarili sa gitna natin, kung papaanong pinatunayan ng Diyos ang Kanyang Sarili sa gitna natin sa pamamagitan ni Jesus Cristo. At sa—sa Ikalawang Timoteo... Unang Timoteo 3:16, ganito ang pagkakasulat dito, ng kaalaman patungkol sa Diyos, “Walang pag-aalinlangan, dakila ang hiwaga ng kabanalan, sapagkat ang Diyos ay nahayag sa laman.” Nakita natin ang Diyos sa laman. Yun ang pag-aaliw ng Diyos, ang malaman na dumating Siya nang lubos (nagmalasakit Siya sa atin) hanggang sa Siya'y naging isa sa atin. Ang Diyos ay nahayag sa laman. Hindi lang ibang tao, kundi ang Diyos Mismo!

⁴¹ At ngayon para maging mas lumapit pa nang isang hakbang, ipinadala Niya ang Espiritu Santo upang mangalaga para sa ating mga kaginhawaan, at nananatili Siya sa atin. Oh, talaga ngayon nagmamalasakit Siya!

⁴² Ngayon kailangan nating dumako sa isa pang bahagi ng Kasulatan dito, o isa pang kaisipan para suportahan ito. Bago ako dumako, sasabihin ko muna ito marahil: hindi lahat ay may Mang-aaliw na ito. Sila, wala sila, wala sila Nito. Mangyari nga ang dahilan kung bakit wala Ito sa kanila, ay dahil hindi nila Ito tinatanggap. Ito nama'y para sa kanila, pero hindi nila Ito tinatanggap. Ngayon, umaasa akong sapat kayong espirituwal para—para mabasa ang sinasabi ko. Kita n'yo? Nakikipag-usap ako sa isang grupo ng mga tao na ipapanalangin sa loob ng ilang minuto. At mayroon tayo nitong Kaaliwang ito sa Espiritu Santo na ipinadala bilang Mang-aaliw, pero ayaw Itong tanggapin ng lahat ng mga tao. Hindi sila naniniwala Rito. Kita n'yo? Sila, para magawa 'yun, hayan nga na kinukuha nila ang kanilang kaaliwan mula sa ibang mapagkukunan, sa ibang paraan. Kung hindi nila tatanggapin ang inilaan ng Diyos na Mang-aaliw, kung ganoon ay kinakailangan nilang kumuha ng ibang mang-aaliw, kita n'yo, dahil hindi ka maaaring mabuhay nang walang dahilan para mabuhay ka.

⁴³ At sana'y maunawaan 'yun ng bawat isa sa inyo, lalo

na kayong mga ipapanalangin, na hindi maginhawa ang pakiramdam ngayong umaga, na may mga suliranin na maaaring hindi na kayang hawakan ng mga doktor.

⁴⁴ Naniniwala tayong tinutulungan ng mga doktor ang mga tao. Naniniwala akong nagpapagaling ang Diyos sa pamamagitan ng gamot. Nagpapagaling ang Diyos sa pamamagitan ng operasyon. Nagpapagaling ang Diyos sa pamamagitan ng pagkaunawa. Nagpapagaling ang Diyos sa pamamagitan ng pag-ibig. Kaunting pag-ibig lang ay malayo na ang mararating. Subukan n'yong may mabalisa, at basta ipakita n'yo lang sa kanila na nagmamalasaakit kayo. Kita n'yo? Nagpapagaling ang Diyos sa pamamagitan ng pag-ibig. Nagpapagaling ang Diyos sa pamamagitan ng panalangin. Nagpapagaling ang Diyos sa pamamagitan ng mga himala. Nagpapagaling ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Nagpapagaling ang Diyos! Ano pa mang pinagmulan nito, nagpapagaling ang Diyos sa pamamagitan nito. Ang Diyos ang nagpapagaling, dahil sinabi Niya, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling ng lahat mong karamdaman." Kaya ang lahat ng ito ay kailangang magkalakip-lakip na gumawa, at ang mga tao sa iba't ibang ministeryo ay kailangang magtulungan para dun. Kita n'yo? Ngayon, pero di nila ito ginagawa, dahil kung minsan pinagbabawalan silang manindigan sa Salita ng Diyos, dahil hindi sila pinahihintulutan ng partikular nilang denominasyon para gawin 'yun. Pero hindi nun mapipigilan ang Katotohanan, ano't anuman, patuloy pa rin na nagpapagaling ang Diyos.

⁴⁵ Mangyari nga na sinusubukan nilang kumuha ng kaaliwan mula sa ibang mapagkukunan. Pag-usapan muna natin ang kaluluwa.

⁴⁶ Nakita nating maraming tao ang nagsisikap na makahanap ng kaaliwan sa pamamagitan ng pag-iinom. Alam n'yo, mayroon tayong bukambibig na palasak sa kalagitnaan natin ngayon, na—na marami raw ministro ang umiinom kung minsan bago pumunta sa pulpito, umiinom ng isang—isang—isang matapang na inuming nakakalasing. Balitang-balita na may mga nakikitang ministro sa entabalado, na pasuray-suray pa nga sa ilalim ng impluwensya ng alak. At siyanga't—siyanga't di dapat ganoon. Hindi dapat ganoon. Dahil madalas baka mahatulan natin 'yung tao gayong hindi natin dapat gawin 'yun, dapat nating alamin kung ano ang problema. Marami sa kanila ang napagbagong-loob mula sa alak. At nalaman natin, na kapag nasa ganoong kalagayan sila, isa itong kahihiyan at isang kadustaan. Pero hindi hihigit na kadustaan kaysa sa pagsisinungaling, pagnanakaw, o pagnanasa sa kababaihan, o anumang iba pang bagay na nasa kautusan. Kita n'yo? At marahil ang isang lalaki'y ipinanganak na malakas ang hilig, at makikita niya itong mga modernong striptease na halos hubad na sa lansangan, at siya'y—siya'y nababagabag sa tuwina. Kita

n'yo? Siya, hayan nga, ang lalaki'y isinilang na ganoon. Ngayon, ang dapat niyang gawin, ang ministrong umiinom . . .

⁴⁷ O ang—o ang babaing naninigarilyo, o, nagbibihis nang imoral, siyanga't sinisikap niyang kumuha ng kaaliwan sa pagiging maganda ang itsura, na gusto niyang mapatingin sa kanya ang lalaki. Wala nang iba pang dahilan. Siya'y bahagyang wala sa tamang pag-iisip. Kita n'yo? Walang matinong babae ang makaiisip na hubdan ang kanyang sarili sa harapan ng lalaki, na nasa tama niyang pag-iisip. Kita n'yo? Walang anumang dahilan para rito. At siya, pero sinisikap niya, haya't ang mga kadalagahang ito sa panahong ito sa lumalabas doon sa lansangan, sila'y talagang . . . Buweno, ipagpaumanhin n'yo ang pananalita. At tandaan n'yo, hindi lang para sa mga taong ito rito ang teyp na ito, makakaabot ito sa palibot ng mundo. Kita n'yo?

⁴⁸ At ang isang—isang babae na maghuhubad ng kanyang damit, dahil nangangatwiran siyang mainit daw. Sige't subukang lumabas dun sa arawan, na hubad, at tapos subukang lumabas na nakasuot naman ng damit, at alin ba ang pinakapresko? Ang mga Indian doon sa Papagos at Navajos; ang mga Papagos, lalo na, at doon sa reserbasyon, lumalabas ang mga kababaihan dun na nababalutan ng malalaking kumot na sinulid, at nauupo roon sa araw para makapanatiling presko. Bakit? Pinagpapawisan sila, at 'yung umihip na hangin ang nagmimistulang pampalamig, kita n'yo. At ang mga babaing ito'y walang ibang dahilan kundi para lang . . . Hindi nila alam ito, hindi nila ito namamalayan. Hindi ko sinasabing alam nila. Mabubuting babae ang karamihan sa kanila, at hindi ko sinasabi ito para maging walang respeto. Sinasabi ko ito para—para subukan na—na—na gisingin sila. Kita n'yo?

⁴⁹ Dahil nga kay Satanas, kita n'yo. Napagtatanto n'yo naman marahil ang ibang kasarian, ang lalaking kasarian ay tumitingin sa ganoon, labis ang bunsod na impluwensya sa kanila hanggang sa kanilang—kanilang palangitngitin ang kanilang mga gulong at sisipol ng—ng—ng parang sipol-lobo. At—at—at para saan at ginagawa nila 'yun? Ginagawa 'yun ng kababaihan para ibunsod ang lalaki na gawin 'yun. Bakit kayo lumalabas, sa mismong kainitan ng araw, at alas kuwatro ng hapon, para magtabas ng damo gayong naglalabasan na ang mga tao mula sa kanilang trabaho at mga ganoong bagay? Ipinapakita nitong ito'y isang espiritu ng pagkabaliw. At alam ko na marami sa kanila ang marahil may IQ na isang milyong milya na mas mataas kaysa sa akin, pero sinusubok ko ang IQ n'yo sa Salita ng Diyos at tinitingnan kung saan ito lababas. Kita n'yo? Ganoon ang modernong IQ, pero ang mismong katibayan at mga bunga ng buhay ang nagpapatunay. Kaya sinisikap nilang makahanap ng kaaliwan sa ganoon.

⁵⁰ Marami sa kanila ang nagsasabi, “Buweno, hindi ko

ginagawa ang ganoon.” Pero dinadamitan n’yo ang sarili n’yo nang kaakit-akit hanggang sa sinisikap nilang maging mas moderno kaysa sa babae na mauupo sa tabi nila sa loob ng simbahan sa kinaumagahan, magsusuot ng mas magandang sumbrero o medyo mas magandang damit, dahil kaya n’yo itong gawin. Kita n’yo? Kita n’yo, umaabot ang kasalanan hanggang doon sa ibaba. At sinubukan nilang makahanap ng kaaliwan sa paggawa ng ganoong bagay. At mayroon silang . . .

⁵¹ Ito’y naging isa nang malaking kalipunan hanggang sa lumawig na ito sa buong bansa’t, hindi lang sa bansa, kundi sa buong mundo na mismo. Maraming bagay ang masasabi ko rito, pero, para makatipid ng oras, siyanga’t dadako pa tayo sa gawain ng pagpapagaling, haya’t kaya kong—kaya kong magsalita nang malawakan pa ukol dito, pero hindi na. Sigurado akong nauunawaan n’yo naman ang ibig kong sabihin. Ito, haya’t nakarating na ito sa daigdig ng pulitika, sa buhay pulitika, sa pakikisalamuhang buhay, sa moralidad na buhay ng bansa, ng mga tao sa buong mundo. Humantong na ito sa isang dako hanggang sa gusto na ng tao na maging pulitiko para lang magkaroon ng pangalan ng pagiging pulitiko. Maraming salapi, kaya niyang makakuha ng mga boto’t magbayad ng mga makinarya para gawin ito, at—at kung anu-ano pa, para lang sa pangalan, at nagkakahalaga ng milyun-milyong dolyar, kita n’yo, para lang sa pangalan na maging isang kilalang pulitiko. Sapat na ang nasabi roon, alam n’yo na kung anong sinasabi ko.

⁵² At pakikisalamuhang buhay! Sinisikap ng mga tao na magsama-sama sa nakakabaliw na buhay lipunang ito. Huwag n’yong sabihin sa akin na hindi baliw ang mundo, at kumikilos sa paraan na kumikilos ito. Tunay nga. Tiyak. Isa itong neurotikong mundo. At sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ang siyang tanging paraan para matatakas natin ito. Pansinin n’yo, sa pakikisalamuhang buhay na ito, humantong na ang mga tao sa isang dako na kanilang—kanilang pinaghahalubilo ang maliliit na grupo, at pumapasok sila roon at iniisip, “Mas magaling kami kaysa sa kasunod na grupo.” Kita n’yo? At ito, sadyang ganoon nga ang ginagawa. At dun sa moralidad, nakarating na ito sa moralidad ng mga tao hanggang, sa totoo lang, mga kaibigan, ni hindi ako naniniwala na (sa mundo nga) ang salitang “moralidad” ay kinikilala pa ng siyamnapung porsiyento ng mga taga-rito sa bansang ito. Wala nga silang kaalam-alam dito (sa mundo) o sa salitang “moral” kung anong ibig sabihin nito. Ito’y—ito’y nawaglit na sa kanila. At ginawa ito sa napaka mapanlinlang na paraan.

⁵³ Napakatuso ni Satanas, kita n’yo, at ginagawa niya ito nang baha-bahagya, sobrang—sobrang tuso, kaunti lang *dito* at kaunti lang *doon*, at ipresenta ito. Marami siyang oras, kaya tatakbo lang siya nang kaunti *rito* at kaunti *rito* at, malalaman mo na lang, unti-unti nang napupunta ang mga tao rito. Ano kayang

mangyayari sa isang babae, noong labing-anim na taong gulang pa lang ako, kung naglakad ang babaing ito sa lansangan na tulad ng ginagawa ng babae ngayon na halos striptease na't halos hubad na? Aba, ikukulong nila noon ang babae sa bilangguan. Buweno, kung mali nga ito noon, kung ganoon mali ito ngayon. Kita n'yo? Pero, kita n'yo, pinasimulan nga ito ni Satanas sa pagtatabas ng mga palda, at pagpapaiksi sa mga ito, at—at darating ang panahon na may magdidisenyo ng isang medyo mas malala pa sa mikini o bikini, o kung anong tawag n'yo sa bagay na ganoon, hanggang sa maging isang dahon na lang ng igos. Tandaan n'yo! Siyanga, didire-diretso nga sa ganoon. At ito'y, halos narito na ngayon.

⁵⁴ At ngayon nakita natin, nangyayari ang lahat ng mga bagay na 'yan dahil nagsisikap ang mga tao na makahanap ng kaaliwan. Sinisikap nilang humanap ng isang bagay na kanilang. . . At tandaan n'yo, ang kaaliwan n'yo ay ang relihiyon n'yo, at ginagawa n'yong relihiyon n'yo ang mga bagay na 'yun. Kita n'yo? Nakakalungkot na malaman na nasa harapan n'yo na ang kamatayan. Kita n'yo? Hanggang, ang lahat ng ito'y mangyari hanggang sa para bang wala nang isang—isang matibay na pundasyon na natitira sa bansa na mapagtatayuan ng anumang bagay.

⁵⁵ Hayaan n'yo mismong tanungin ko kayo ng isang bagay. Halos wala na kayong mapaniwalaan na anupamang iba, halos, maliban sa Biblia. Nasa atin pa rin si Cristo; salamat sa Diyos. Kita n'yo? Halos wala na kayong—kayong mapaniwalaan na anumang bagay. Pupunta ka. . . Halimbawa, pabubuksan mo ang telebisyon (kayo na may ganoon), at kapag binuksan n'yo ang telebisyon n'yo at makikita ang—ang mga patalastas, buweno, kung susubukan ng tao na isabuhay ang ikasandaang bahagi lang ng mga patalastas na 'yun, mamamatay kayo sa loob ng isang linggo. Kita n'yo, hindi n'yo magagawa. At 'yung mismong paraan ng pagprepresenta ng isang kompanya, gaya sa isang produkto, haya't sasabihin, “*Ito dapat, at huwag itong isa rito,*” at 'yung naturang kompanya'y nagbebenta nung pareho rin namang produkto. Pagkatapos may panibagong patalastas na ilalabas, bilhin n'yo *itong* nandito at huwag *'yun*, at samantalang parehong kompanya lang naman. Naloloko ang mamamayang Amerikano sa ganoong bagay, hanggang sa ang buong kabuonan ay bulok na, hanggang sa talagang wala nang pag-asa. Wala nang nakakaalam kung ano na ang paniniwalaan. Pero sasabihin ko sa inyo maya-maya kung ano ang dapat paniwalaan, kung gusto n'yo ng kaaliwan, kung loloobin ng Panginoon.

⁵⁶ Ang mga tao, sila'y nagsisinungaling, nandaraya, nagnanakaw, hanggang sa halos kailangan mo nang maglabas ng kasulatan bilang paninigurado para makahiram ng limang dolyar sa isang tao. Isa itong. . . Alam n'yo, sinasabi 'yun ng Biblia, na wala nang pag-ibig sa mga huling araw kundi sa

gitna na lamang ng mga hinirang. Siyanga. Sinasabi 'yun ng Kasulatan, na ang asawang lalaki'y magiging laban sa asawang babae, at ang asawang babae'y laban sa asawang lalaki, ang mga anak ay laban naman sa mga magulang. Siyanga't sa gitna na lamang ng mga Hinirang ng Panginoon may matitirang anumang pag-ibig.

⁵⁷ Napasok ang mga iglesya sa ganoon ding bagay ng pakikisalamuhang buhay. Dinala nila 'yun papasok sa iglesya, 'yung pakikisalamuhang buhay nila't mga pulitika nila't iba pa nilang mga bagay, hanggang sa labis nilang nailagay ang iglesya sa kalituhan na hindi na nito alam ang gagawin. Nagdala sila ng pulitika sa loob ng iglesya. Nagdala rin sila ng pakikisalamuhang buhay, ng pakikisalamuhang buhay nila sa simbahan, ng mga pakikisalamuhang aktibidad nila, ng bingo o bunco, o kung anuman ang tawag nila rito, at itong mga handaang panghapunan at mga pasayaw, at kung ano pa, sa loob ng bahay ng Panginoon. Aba, ito'y—ito'y kalunos-lunos.

Sinasabi nila, “Buweno, ngayon, di naman sa ganoon, sa katabing gusali naman ito.”

⁵⁸ Tandaan n'yo, doon din sa katabing gusali pinaghahampas ni Jesus ang—ang mga nagtitinda para lumayas dala ang kanilang mga paninda, at sinabi, “Nasusulat, 'Ang bahay ng Aking Ama ay isang bahay Panalanginan,' subalit ginawa ninyong yungib ng mga magnanakaw.” Kita n'yo? Mali talaga, wala akong pakialam kung saan man ito. Hangga't ang iglesya. . . Hindi naman 'yung gusali mismo ang iglesya, siyanga't 'yung mga tao na nasa gusaling ito. At kung nakaasa na ng mga tao roon sa ganito, aba, mali ito. Haya't dinala nila sa loob ang ganoong gawi.

⁵⁹ Ngayon nasumpungan natin na ang mga iglesya, rin, ay palaging may ipinapangako, gaya ng telebisyon at kung anu-ano pa, na di naman nila naabot ang—ang kanilang ipinapangako. Katulad ng madalas kong sabihin, isang lumang kasabihan, “Palaging pinupuri ng tao ang Diyos sa mga nagawa na Niya, pinupuri ang Diyos sa mga gagawin pa lang Niya (nakatuon sa gagawin pa Niya), at pagkatapos binabale-wala kung ano ang kasalukuyan Niyang ginagawa.” Kita n'yo, sila—sila—sila'y bigo. At sa ganoon sila nagiging kasaysayan pagkaraan ng ilang panahon, na nakokontamina, kita n'yo, dahil bigo silang mapagkilala ang kasalukuyan! Maaari n'yong sabihin ang tungkol sa kaaliwan na ibinigay ni Cristo noon, at sabihin na may kaaliwan ang ipagkakaloob Niya sa mga darating na panahon, pero tinatanggihan naman ang kaaliwan na mayroon Siya rito ngayon para sa inyo. Kita n'yo? Sa ganoong batayan natin 'yun nasumpungan. Buweno, ito'y naging malaking bagay. Ngayon nasumpungan natin na sila'y—sila'y humantong. . .

⁶⁰ Maging sa mga Pentecostal ay naging ganoon na, sa mga

simbahan. Naging ganoon na ito sa dako ng Pentecostal, na palagi silang may ipinapangako na hindi naman nila maabot-abot. Sa tuwina na lang ay kada indibiduwal ay may ibang sensasyon, at—at ibubunsod nila maging batay man 'yun sa Kasulatan o hindi, at may ipapangako nga sila na hindi naman nila maabot-abot, hanggang sa para bang humantong na ito sa isang dako kung saan para bang wala nang anumang sinseridad. Ang—ang mga tao'y hindi nakakaabot sa tunay na pinakabuod ng sinseridad. Nawaglit na nito ang... Yung mismong salitang Ingles na *sinseridad* ay nawaglit na ang halaga nito—nito sa mga tao. O, sa paraan ng—ng pamumuhay ng mga tao, nawaglit na nito ang sinseridad nito sa kanila. Ngayon nga'y tila ba hindi na nila maunawaan.

⁶¹ Maging sa mga pagtatapat natin! Ngayon, gusto kong kayong mga tao na pumaparito, o narito at may hawak... o sa—sa teyp, gusto kong makinig kayo nang mabuti ngayon pansumandali sa pahayag na ito. Ito—ito...

⁶² Maliban na kayo'y may malalim na sinseridad! At hindi kayo maaaring maging sinsero hanggang sa positibo n'yong nauunawaan. Kung kayo'y naghahaka-haka lang, o nagpapalagay, o nagpapasubali, kung ganoon ay di maaaring may kalaliman ng sinseridad diyan na hinihingi ng Diyos. Dapat ito'y, pananampalataya, hindi isang “sana nga” o kaya “siguro nga tama.” Kinakailangan na ito'y walang pasubaling “Amen!” Ito 'yung pantapos n'yo. Ito—ito—ito 'yung inyong—ito 'yung pinakabatayan n'yo. Ito 'yung bagay kung saan ka nakatali. Kita n'yo? Dumating ka na sa pinakapantapos mo, na “Ito ang Katotohanan at mayroong... Wala ngang iba Ito kundi ang katotohanan, at dapat na ganoon Ito!” At pagkatapos kapag naunawaan mo na 'yun sa isipan mo, haya't kailangan mong dumulog Dito nang buong buhay mo, kaluluwa, katawan, at ng lahat ng nasa iyo, na talagang ganap na ilalagak ang lahat ng bagay rito. Kung papaanong mabiyayang itinuro sa atin ni Jesus ukol dun sa lalaking bumibili ng mga perlas, at natagpuan ng lalaki yaong Isa na pinakamahalaga at ibinenta niya ang lahat ng iba pang ari-arian niya para makuha Ito. Ang lahat mismo ng mga katotohanan at lahat ng mayroon siya, bagamat magagandang perlas, kanyang—kanyang... itong Isang ito'y katumbas kasi ng lahat ng pinaka mahalaga sa kanya. At kapag natagpuan mo ang Pinakatunguhin ng Diyos, ang Kanyang Salita, isang pangako sa isang tiyak na bagay, kinakailangan mo munang malaman na ito'y Salita ng Diyos, na ang bagay na nakikita mo na isinasakatuparan ay ang Diyos. Haya't—haya't walang—haya't walang “marahil kaya, maaari namang, mukhang puwede naman.” “Ito'y ang Diyos!” Pagkatapos kapag nakarating ka na sa puntong 'yun, hayan nga na 'yun mismo ang mamahaling Perlas, kailangan mong layuan ang anumang bagay na sinasabi sa iyo ng ibang tao na salungat Dito. Hindi ka dapat

tumingin sa naabot ng tao. Kailangan mong tumingin sa sinabi ng Diyos at sa ipinangako Niya, at ang masaksihan Siya na gawin ito, kung magkagayon 'yun na mismo ang Pinakatunguhin mo roon. At pagkatapos ang lahat ng kung ano ka, ang lahat ng kung ano ka dati, ang lahat ng inasahan mong maging ano sa hinaharap, ay kinakailangang mailagay sa ibabaw Nito na para bang ito'y kamatayan at buhay sa iyo sa sandaling 'yun.

⁶³ Sa tingin ko ang isang bagay na pumipigil sa mga kasamahan natin na gumaling ay ang kawalan ng pagtatapat, 'yung kawalan ng taos-pusong pagtatapat. Ngayon, halimbawa, maaaring medyo hindi ito kaaya-aya sa pandinig, pero hindi ko intensyon 'yun sa ganitong paraan. Pero, nakatingin ako sa asawa kong nakaupo rito. Kung lalabas ako rito ngayong araw at yayakapin ko ang kung sinong ibang babae at—at susuyuin siya, at alam ko pagkatapos, matapos kong gawin 'yun, na mali ako, maling-mali. Ngayon, siyempre, pipigilan ako ng aking Mang-aaliw na gawin ang ganoon. Kita n'yo? Kita n'yo? Pero ang ibig kong sabihin kung ginawa ko—kung ginawa ko 'yun, at ako. . . mangyaring nagawa ko ang bagay na 'yun o anumang tulad nun. At pagkatapos nga'y alam kong ang unang bagay na dapat gawin ay sabihin sa asawa ko, bago ko sabihin sa Diyos, “patawarin mo ako,” dahil nagkasala ako laban sa asawa ko. Kung pupunta ka sa altar at naalalang kailangan, pumunta ka't itama mo muna 'yun, bago ka maghandog ng kaloob mo. Hayan nga na kailangan kong pumunta muna sa asawa ko. Naniniwala akong ang pagtatapat ay pagtutuwid din naman. Hindi ito tunay na pagtatapat maliban na ganoon.

⁶⁴ Paano kung sabihin ko ngayon, “Ipagtatapat ko ito, na nakagawa ako ng pagkakamali, sasabihin ko, ‘Mabuting Panginoon, Oh Kaibigan ko, batid Mong lubos Kitang kilala. Purihin ang Diyos! Hallelujah! Sa tingin ko—ko—ko—ko'y mabuti Kang Kasama. Patawarin Mo po ako. Batid Mo, malaon, na malaon kong Kaibigan, hindi ko—hindi ko sinasadyang magkaganoon ito’”? Kita n'yo?

⁶⁵ Ngayon, sasabihin n'yo, “Kalapastanganan 'yan.” Tunay nga. Ang ganoong pagtatapat, kalapastanganan nga.

⁶⁶ Pero paano kung pupunta ako't sasabihin, “Panginoon, hindi ko—hindi ko sinasadyang gawin 'yun sa ganoong paraan, at tulungan Mo ako't hindi ko na 'yun gagawin uli’”? Tatanggihan Niya ang hain ko hanggang sa pumunta muna ako't ituwid 'yun sa aking maybahay.

⁶⁷ Pagkatapos paano kung lumapit ako sa kanya na may parehong kawalang-galang, at sasabihin, “Hoy, malaong kabiyak ko, malaong kaibigan ko, malaong nanay ng aking mga anak, at malaon kong mahal, alam mong naging matagal na tayong magkaibigan. Sa tingin mo, paano kung yayakapin

ko ang ibang babae? At ano kaya ang masasabi mo tungkol dito, malaong binibini, mapapatawad mo ba ako?"

⁶⁸ Nakikinita ko nga kung anong magiging itsura niya. Iisipin niya, "Ano kayang nangyari sa asawa ko?" Kita n'yo? Ngayon, unang-una pa lang, hindi niya malalaman kung nagbibiro lang ba ako o hindi.

⁶⁹ At hindi kayo gagawi sa ganoong paraan para magtapat ng kasalanan sa inyong kapwa o sa Diyos. Pupunta kayo nang may malalim na sinseridad, na may banal na pagdadalamhati ukol sa iyong kasalanan. Unang-una, dapat nagsisisi ka. Kailangan kong sabihin sa kanya, "Mahal, halika rito, nakasalalay rito ang nalalabi pang buhay mag-asawa natin. Ang babaing kasama kong namuhay, na pinakamamahal ko, at minahal kita nang lubos sa lahat ng mga taon na ito. Pero ngayon maaaring iwan mo na ako, magmula ngayon, maaaring hindi ka na manatili sa piling ko, maaaring hindi mo na ako tanggapin. At alam ko 'yun. Pero ganoon pa man, para maitama ito, kinakailangan kong maituwid." Kinakailangan kong sabihin sa kanya sa kaibuturan ng puso ko.

⁷⁰ Mangyari nga na kailangan kong magsabi sa Diyos sa ganoon ding paraan. At sabihin kapwa sa kanya at sa Diyos, nang may sinseridad, na hindi ko na kailanman ito gagawin uli, sa biyaya ng Diyos. Kita n'yo? Huwag lang basta. . . Ngayon, maaaring makumbinse ko siya, at kanyang (kita n'yo?) hindi makita ito. Marahil 'yung pananalita ko sa kanya ay—ay makakukumbinsi sa kanya, pero ang pananalita ko'y hindi makakukumbinsi sa Diyos. Tumitingin Siya sa puso ko't talos Niya. At kung tutuusin, ilang taon na lang na kapiling siya, kung ipahihintulot ng Diyos, at aalisin na kami sa mundong ito. Pero sa Diyos, ito'y Walang Hanggan, kaya dapat na maging malalim ang pagka-sinsero ko sa Diyos. At mangyari nga kung ako'y sinsero, pakikiddingan Niya ako. Pero kung hindi ako sinsero, hindi ko na kailangang aksayahin ang oras ng Diyos para pakinggan ako.

⁷¹ At doon na ito humantong sa panahong ito, sa gitna ng mga tao, para bang wala nang lalim ng sinseridad na—na dapat mayroon sana sila.

⁷² At naniniwala akong ang isang lalaki o babae na lumalapit para maipanalangin, ay dapat munang ipagtapat ang lahat ng nagawa nila, at itama ang lahat ng bagay. Dahil, nakita n'yo, mapapansin n'yo maraming beses sa entablado, pansinin n'yo, masdan n'yo kung gaanong kalayo ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON na 'yun. Kita n'yo? Kita n'yo? Ang mga tao, magkakatotoo ang pangitain, hayan nga, sa pamamagitan ng pananampalataya nila, ipinangako 'yun ng Diyos sa pamamagitan ng isang kaloob. Pero ang kagalingan nga'y bagay na naiiba, kita n'yo; kinikilala ito ng Diyos sa oras na 'yun mismo, kita n'yo.

⁷³ Ngayon, napansin natin, na dapat ngang, ang mga taong pinagtatapat ang kanilang kasalanan, ay kinakailangang lumapit nang may malalim na sinseridad. Mayroon ako rito, wala na akong oras para basahin ito, pero nangyari ito sa Binghamton, New York, sa paniwala ko. O, mali yata? Tama, Binghamton, sa palagay ko tama 'yung lugar. Yung lugar kung saan nandun ang Endicott Shoe Company. Binghamton, naniniwala akong Binghamton ang tawag dun, Binghamton, tama, sa New York. Nandun kami sa Endicott-Johnson na isang sapatusan, isang malaking awditoryum, at nagdadaos kami roon ng isang pagtitipon. At isang umaga, katabi ko lang si Billy Paul, napakalamig dun, umiihip ang hangin. At nasumpungan ko, sa gitna ng mga tao, ang kawalan ng sinseridad, tila ba. At napaisip ako—napaisip ako kung bakit kaya. Naroon ang isang lalaking gumaling, mismo, o isang—isang partikular na lalaki na tinutukoy ko. May matinding karamdaman 'yung lalaki, at pinagaling siya noong gabing 'yun habang nakatayo roon. At bago kami umalis, limang araw, bumalik uli 'yung karamdaman niya. Kita n'yo? Dahil, sa Presensya ng Espiritu Santo, inalis Nito 'yun sa kanya. Katulad ng ipinangyari Nito rito sa kabataang babae kanina sa bakuran, sa kabataang lalaki rin kagabi, kita n'yo. Haya't kailangan mismo ng malalim na sinseridad para malaman na ang Diyos na makakapag-alis nito sa inyo ngayon, dahil sa parehong pahid na 'yan sa inyo, ay kayang panatilihing ilayo ang karamdamang 'yun sa inyo. Kita n'yo? At pagkatapos ay kinausap ako ng Espiritu Santo isang umaga, mga mag-uumaga noon, at sabi, "Umakyat ka sa entablado o sa isang dako, at dalhin mo ang mga taong ito roon at ibunsod mo sila na ipagtapat ang lahat ng bagay na nagawa nila, bago mo sila ipanalangin." Kita n'yo? Kalaliman mismo ng sinseridad!

⁷⁴ Maliban na magsisi ang mundo, tiyak na mapapahamak ito. Kita n'yo? At ang pagtatapat ang kailangan ng mundo ngayon, haya't isang tapat na pagtatapat.

⁷⁵ Parang gamot ito sa sakit. Nababasa nating lahat sa bote kung anong klaseng gamot ito at kung anong sakit ang gagamutin nito—nito. Pero, alam n'yo, ang pagbabasa ng panuto, ilalapat ko 'yan na parang sa Biblia, ang mga paaralan at mga seminaryo nati'y may kakayahang basahin ang buong Salita. Pero, alam n'yo, ang pagbabasa lang ng mga panuto't kung paano ito inumin, hindi nito—hindi nito magagamot ang sakit. Kita n'yo? Kinakailangang—kinakailangang 'yung gamot mismo, kaya kinakailangan 'yung inumin! Kaya naman maaaring sabihin ng isang tao, "Isa akong—isa akong teologo. Ngayon, huwag mo akong kausapin, ako—ako—ako... tungkol sa ganito-at-ganyan, kabisado ko ang mga Kasulatan. Alam kong—alam kong sinasabi ng Biblia ang ganito-at-ganoon, *ganoon*."

⁷⁶ “Ang nakikinig ng Aking Salita,” San Juan 5:24, halimbawa. “Ang nakikinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan.” O, gaya ng pagkakasabi rito ng King James “walang katapusan,” na “Walang Hanggan,” wasto naman. “May Buhay na Walang Hanggan dahil nanampalataya siya.” Maraming tao ang nagsasabi na naniniwala sila. Ngayon, totoo naman ‘yun. Ang—ang—ang Kasulatan ay tama. Akin—akin ngang binabasa ang—ang—ang Reseta, binabasa ko kung ano ‘yung Reseta, at ang Lunas para sa kasalanan ko, pero kaya ko ba Itong inumin? Kaya ko ba itong sampalatayanan? Maaaring sabihin kong “naniniwala ako,” pero naniniwala nga ba ako? Yun ang kasunod na bagay. Yung pagbabasa n’yo lamang Dito’t inaaalam ‘yung panuto, haya’t di ‘yun makakalunas sa sakit. Ang problema ay (sa kaso natin) ayaw nating tanggapin kung ano yaong sinasabi ng Lunas. Mayroon tayong Lunas, pero ayaw natin Itong tanggapin. Sinasabi nating tinatanggap natin, dahil nababasa natin Ito; pero ‘yung talagang tanggapin Ito, ay di natin ginagawa. Kita n’yo, ganoon din sa Ebanghelyo, isang gamot, sa kasong ito. Kung ang pasyente... At napatunayan nang nakakagamot ng pasyente ang lunas, at babasahin ng pasyente ang lahat ng tungkol sa—sa pagkatuklas sa gamot na ito, at alam nila ang bawat onsa ng gamot na nakapaloob dito, alam nila ang lahat ng—ng pangalan ng siyentipiko na nakatuklas ng partikular na gamot na ito, gaya ng bakuna ni Salk at iba pa. Alam man natin—alam man natin ang lahat ng Salita tungkol Dito, pero tumatangging tanggapin Ito, hindi Ito makakatulong sa atin. Kita n’yo, hindi Ito—hindi Ito makakatulong sa atin.

⁷⁷ Pero, at pagkatapos sasabi-sabihin natin, “Pero ininom naman namin ito!” At kung sinasabi n’yong ininom n’yo, at walang naipapakitang resulta ang pasyente, hindi nga niya ito ininom. Ganoon lang. Paanong, kung hindi lang sana mabilis ang takbo ng orasan na ‘yan sa dingding, kita n’yo. Gusto kong mamalagi rito’t talagang ipagdiinan ito para sa ating—ating mga kababayan, dahil napatunayan na ng Ebanghelyo ang mga bagay na ito, at inaangkin nilang tinatanggap nila Ito, at ipinapakita naman nilang hindi nila Ito tinanggap! Papaanong mababasa ng isang tao ang mga Kasulatan ukol sa mumunting bagay na sinasaysay ko, tungkol sa mga babaing nagpuputol ng buhok at nagsusuot ng shorts, at iba pang gaya nun, haya’t papaano nila matatawag ang sarili nila na mga Cristiano gayong ang Gamot Mismo ay nagsasabing iba ito! Kita n’yo? Papaano? Sasabihin n’yo, “Pero nakakapagsayaw naman ako sa Espiritu, nakakapagsalita ako ng mga wika.” Walang kinalaman ‘yun maski ano. Pinatutunayan ng sarili n’yong buhay na hindi n’yo Ito tinanggap! Kita n’yo? Sinasabi n’yong tinanggap n’yo—tinanggap n’yo Ito, pero hindi! Dahil, nagpapakita ka pa rin ng lahat ng mga sintomas na dapat

sana'y nilunasan na nung Gamot. At ang Gamot, sa linya ng Ebanghelyo, ay isang garantisadong lunas! Tiyak na ganoon nga. Ngayon, kita n'yo, kailangan n'yong magpakita ng mga resulta.

⁷⁸ Kumuha ka ng isang tao na nagsasabing sila nga, "Ako nga. Isa akong mananampalataya. Nananampalataya ako." Hayaan mong tamaan sila ng Ebanghelyo, kapatid, tatanggapin at tatanggapin nila Ito ngayon mismo! At magpapakita sila ng mga resulta. Tunay nga. Hindi n'yo na makikita ang lalaking 'yun sa anumang silid-bilyaran, hindi n'yo na siya makikitang narito sa labas na may nakaipit na sigarilyo sa kamay niya, hindi n'yo na siya makikitang naglalasing. Oh, hindi na. Hindi n'yo na siya makikitang nakikipagharutan sa kung sinong kababaihan. Hindi, hindi, hindi. Wala akong pakialam gaano man maglantad ang mga kababaihang ito ng pambabaing katawan nila sa harap niya, ipinapaling niya ang ulo niya sa kalangitan at itinutuon kay Cristo. Ano ito? Ipinapakita nun na umepekto na 'yung Lunas. At kung di Ito umepekto, sasabihin n'yo, "Buweno, alam kong tinanggap ko na Ito," buweno, kung ganoon nasaan ka ngayong araw kung ganoon? Tumutungo kayo sa kamatayan. Yan ang ipinapakita n'yo! Tinitingnan ko kayo habang sinusuri ang kaso n'yo, sa pamamagitan ng—ng Biblia, na nasa kasalanan pa rin kayo. At ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. Huwag n'yong isipin na kailangan pang linawin ang paglalahad ukol dito. Kita n'yo, ang sarili n'yong mga kilos ang nagpapatunay, ang sarili n'yong mga kilos ang nagpapatunay na hindi n'yo Ito tinanggap. *Inaakala* n'yo lang na natanggap n'yo. Amen. Marahil kayo—marahil kayo'y lubos na sinsero sa paggawa nito, pero hindi n'yo ito ginawa! Dahil, kung ginawa n'yo, nangako ang Diyos na magkakaroon Ito ng bisa sa inyo. Siyanga't nariyan pa rin ang dating kasalanan, ang lumang kalikasan ni Adan ay nandiyan pa rin, ang dating dipananampalataya. Ganoon pa ma'y sinisikap n'yong gawin ang sarili n'yo, sa harap ng inyong kapwa sinasabi, "Buweno, isa akong mananampalataya. Oh, maluwalhati ang Diyos! Oo, isa akong mananampalataya." Pero, kita n'yo, wala Itong naitulong sa'yo na anuman.

⁷⁹ Marahil 'yung pasyente mismo'y ni hindi nakatalaga sa—sa Gamot. Kung ganoon, siyanga't hindi Ito kailanman magkakabisa. Siyanga. Kita n'yo?

⁸⁰ Pero tingnan n'yo 'yung munting imoral na babae noong tinamaan siya ng Liwanag, may bagay na naroon para mangalaga sa kanyang kalagayan. Kita n'yo? Kung sumasampalataya tayo at taos-pusong magtatapat, ang Lunas na ito ng paraan ng Diyos ay magkakabisa. Naglaan ang Diyos ng daan para sa mga bagay na ito.

⁸¹ Ngayon, kita n'yo, dadako nga ang tao, magsasabi, "Buweno, nakianib ako sa iglesya. Sapat na 'yun sa akin." Hindi 'yun ang inilaang daan ng Diyos.

⁸² Ang inilaan ng Diyos na daan ay pagsisisi, pagtatapat, at pagpapakita ng mga resulta, pamumunga ng mga bungang karapat-dapat sa pagsisisi, pagpapakita ng sinseridad. Kung gagawin lamang n'yo 'yun ngayong umaga, kayo na mga ipapanalangin, at kayo na mga nakikinig sa teyp na ito, sa buong mundo, at matapos na maiparinig ang teyp na ito, at ang ministro, o ang tao na nagpaparinig nito sa isang kongregasyon, mga grupo roon sa kagubatan, o kung saan man kayo naroon, na nagpaparinig nito, ay siyanga't klaruhin n'yo muna ang inyong pagtatapat, at *pagkatapos* ay dumulog nang walang kahit ano sa puso n'yo kundi pananampalataya, at kayo'y ipapanalangin, hayan nga't, magkakabisa ang Gamot.

⁸³ Sinabi ni Jesus, "Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo!" o si Pedro ang ibig kong sabihin noong Araw ng Pentecostes, "Mangagsisi kayo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at matatanggap ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo." Kapag lubusan kayong nagsisi't sumampalataya sa Panginoon, at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, ginagawa n'yong sinungaling ang Diyos kung hindi n'yo matatanggap ang Espiritu Santo. Kung...sinabi ito ni Jesus, 'yung huling atas sa Kanyang iglesya, "Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." At makikita n'yo ang mga tandang 'yun na lumalakip sa isang mananampalataya, at lalapit kayo at papatungan kayo ng mga kamay ng mananampalatayang 'yun, tapos walang magaganap, kung ganoon may mali sa pananampalataya n'yo. Kita n'yo? "Ang mananampalataya!" Nangako ang Diyos ng isang inilaang daan.

⁸⁴ Sinusubukan nating makasumpong ng kaaliwan sa pagsasabi, "Hindi ko kailangang makinig." Hindi, totoo naman 'yan, hindi n'yo kailangang makinig.

⁸⁵ Subalit kung itinalaga ka sa Buhay na Walang Hanggan, makikinig ka Rito at magagalak ka Rito. Ito ang Kaaliwan mo. Ito ang Bagay na inaasam-asam mo sa buong buhay mo. Ito'y—Ito'y yaong Perlas na 'yun, na, handa kang—handa kang talikuran ang lahat ng bagay para lang Dito. Kita n'yo? Asam-asam mo Ito dahil alam mong ito ang mapagmahal na pagmamalaskit ng Diyos para sa iyo. Ito yaong bagay na tatapos sa kuwestiyong dulot ng kasalanan, para tapusin ang kawalang-pananampalataya, para tapusin ang lahat, sa iyo, kung asam mo Ito. Ang talagang may sakit at alam na mayroon siyang sakit, ang naghahanap ng isang manggagamot. Kita n'yo? Hindi yaong walang sakit, haya't di siya nangangailangan ng manggagamot, sinabi ni Jesus. Kundi 'yung mga may sakit. Kung mapagtatanto mo ang kalagayan mo, kung ganoon ay kailangan mong gawin kung ano ang sinabi Niyang gawin. Pagkatapos siguradong magaganap ito, o kung hindi'y nagsabi ang Diyos ng maling

bagay. Kita n'yo?

⁸⁶ Napakaraming tao kung minsan, sa mga gawaing pagpapagaling, hindi kasi kayo nag-uumpisa sa pinaka ugat nito. Kinakailangan nga'y malinis ang buhay n'yo, kinakailangan n'yong nasa ganoong kondisyon kayo, kailangan n'yo talagang sabihin, "Oo, sinasampalatayanan ko Ito," at kinakailangan na manggaling 'yun sa puso. Pagkatapos kayo, hindi kayo kailangang ituring na sanggol ng sinuman, na sasabihin, "Ngayon, oh, minamahal na kapatid na lalaki, minamahal na kapatid na babae, dapat n'yong gawin ang *ganito*, dapat n'yong gawin ang *ganoon*." Isa kayong mananampalataya, walang makapagwawaglit Nito mula sa inyo. Wala akong pakialam kung ano man ang sabi-sabihin ng iba, kung anuman ang pag-aaliw, ng kung sinumang tagapagbigay ginhawa, ng kung sinumang doktor, kung anumang hospital, kung anuman ang resulta ng pagsusuri, hindi n'yo pinaniniwalaan 'yun. Sadya kasing batid mo na Ito! Hindi na kailangang magsabi ng anumang iba pa tungkol Dito, alam n'yo na Ito! Ngayon, 'yan ang tunay na bagay.

⁸⁷ Napakarami nating panggagaya sa lahat ng bagay. Sigurado ngang magiging ganoon. Huwag kayong malungkot tungkol dito. Marapat na mayroon nun. Ganoon na noon pa man at sa hinaharap. Pero sinasabi ko sa inyo ngayong umaga kung ano ang Katotohanan at mga bagay na napatunayan na. Nasa huling panahon na tayo. Kinakailangan nating ilatag ang bagay na ito sa Katotohanan, kita n'yo, at ipabatid kung ano ang Katotohanan.

⁸⁸ Ngayon nalaman natin na ayaw tanggapin ng mga tao ang paraan ng Diyos ukol dito. Ang nais nila, sila . . . Naglaan na ang Diyos ng paraan para sa inyong kaginhawaan. Naglaan na ang Diyos ng paraan para sa lahat ng mga bagay na ito. Pero ayaw Ito ng mga tao, ibang mga pamamaraan ang hinahanap ng mga tao. At sa tuwing ginagawa nila ito sa kung anong ibang paraan na di paraan ng Diyos, binubunton nila ang galit ng Diyos sa kanilang sarili sa tuwing ginagawa nila ito. Siyanga.

⁸⁹ At ang lahat ng mga bagay na ito na sinalita ko, dinadala tayo nito dito, sa mundo, sa lahat ng pagsusumikap na ito na makamit ang iba't ibang siyentipikong tagumpay, pagsusumikap na makamit ang mga pansimbahang tagumpay, pagsusumikap na makamit ang iba't ibang mga bagay haya't dinadala tayo sa katapusan ng mundo. Nasa wakas na tayo. Wala nang natitira ni isa mang pag-asa. Wala na tayong pag-asa para mabuhay. Wala tayo ni isang pagkakataon para mabuhay. Ngayon hayaan n'yo lamang na himay-himayin ko ito pansumandali, at para sadyang patunayan ito sa inyo.

⁹⁰ At sige't ang bawat isa sa inyo, kumuha kayo, kung wala pa kayo, siyanga't kumuha kayo ng medikong dyornal,

subukan n'yong kumuha nung Reader's Digest, at iba pa, kung saan mababasa n'yo ang mga tagumpay na ito. Ngayon para gawing . . .

⁹¹ Ipinapadala ng isang ministro rito ang Mensaheng ito sa buong mundo. Ang magbigay ng ganoong pahayag, na wala na tayong pag-asa, na lumampas na tayo sa pagtubos, na lumampas na tayo sa hangganang-linya sa pagitan ng pagtubos at paghatol, ngayon kailangan kong bigyan ang kongregasyon ng ilang basehan para pagbatayan ng pahayag na ito. Siguradong may ilang dahilan kung bakit ang isang tao, yamang siya'y nasa tamang katinuan naman kagaya ko sa tingin ko, na magbibitaw ng pahayag na gaya nun, para sabihin sa kanyang bansa, para sabihin sa kanyang kongregasyon, para sabihin sa mga tao kung saan makakarating ito sa buong mundo sa tatlumupu o apatnapung iba't ibang bansa, marahil, sa buong palibot ng mundo, at sa mga tao't mga wika, na "nasa huling panahon na tayo," siyanga't nararapat sa atin na magbigay ng pahayag o—o—o ipaliwanag ito nang kaunti hanggang sa makarating tayo sa pangunahing teksto natin para sa umagang ito.

⁹² Tingnan n'yo, ngayon tingnan natin kung saan tayo dinala ng siyensiya't edukasyon, at 'yun ang mismong bagay na tinanggap ng tao kapalit ng Salita ng Diyos, siyanga't isang pagpapatibay ng siyensiya. At ang siyensiya nga sa tuwina'y kinakailangan nitong bawiin ang mga bagay na sinabi nila noon. Binabasa ko rito kamakailan lang 'yung sinabi noon ng isang siyentipikong Pranses, mga dalawang-daang taon na ang nakalipas, o tatlong-daan, "Ang isang bola na pinagugulong sa palibot ng mundo," at sabi, "kung ang bolang ito, sa ganitong bilis . . . Kung makakaimbento ang mundo ng isang klase ng kung anong bagay na nakakapaglakbay ang mga ito nang di bababa sa tatlumpung milya kada oras, o parang ganoon, sa palibot ng mundo," na haya't pinatunayan niya ito batay sa siyensiya, "na sa timbang nito'y aangat ito mula sa lupa sa pamamagitan ng grabitasyon." Kita n'yo? Ngayon, sa tingin n'yo babalingan pa ba ng siyensiya ang lalaking 'yun? Tiyak na hindi na. Nakalipas na 'yun, sa kanila.

⁹³ Ngayon, isipin lamang natin ngayon, gustong-gusto nating sabihing lahat, "Gusto kong patunayan 'yun batay sa siyensiya." Ganoon ang sinasabi ng maraming denominasyon ng mga relihiyosong tao ngayon. Gusto nila ng siyentipikong katibayan. Buweno, maaari akong bumuwelta at sasabihin ko, "Patunayan n'yo sa akin kung ganoon batay sa siyensiya, na ang Diyos ay nasa kongregasyon n'yo. Patunayan n'yo sa akin ang kahit ano, batay sa siyensiya, na totoo 'yun. Patunayan . . ."

⁹⁴ Ano ba ang totoo? Buhay. Gusto kong kuhanan n'yo ako ng sangkapat lang na halaga nito, o—o hayaan n'yong ibenta ko ang lahat ng ari-arian ko, para makakuha ng ganoong bahagi

ng buhay. At totoo ba ang buhay? Kung hindi, aba'y para saan pa't naparito tayong lahat?

⁹⁵ Buhay, pananampalataya, pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kaamuan, pagtitiis, hindi ito kayang hawakan ng siyensiya. At 'yun ang tanging tunay, na pangmatagalang bagay na mayroon. Nakatingin ang buong baluting Cristiano sa di nakikita. Mangyari ngang hindi idinedeklara ng mga pandama ang mga bagay na 'yun, pero naroon ang mga ito. Yan ang dahilan kung bakit kailangan ng pananampalataya para makasampalataya rito, at ibinubunga nito sa inyo kung ano ang idineklara ng pananampalataya na naroon. Dinadala nito ito sa inyo, ang Makalangit na kagalingan at bagay-bagay. Hindi nila mapatunayan kung ano ang Makalangit na nagpapagaling, pero alam nilang may Makalangit na pagpapagaling mismo. Ako. . .Hindi nila mapatunayan kung ano ang nagliligtas mula sa kasalanan, pero batid nilang naligtas ang mga tao mula sa kasalanan. Kaya hindi ito mapapatunayan nang batay sa siyensiya, pero naaayon ito sa siyensiya sa paraan ng pagtingin ng Diyos dito.

⁹⁶ Ngayon, ano ba ang hinatid ng siyensiya sa atin? Ngayon, maaaring mabigla kayo sa sandaling ito. Hinatid ng siyensiya sa atin ang sakit, kamatayan, mga karamdaman. Ngayon, isang panig lang ng larawan ang itinuro sa inyo. Pero may dalawang panig ito. Sinasabi n'yo, "Inimbento ng siyensiya ang *ganito*, *ganoon*, at ang *iba pa*." Buweno, ipapaubaya namin sa inyo ang pribilehiyong 'yun. Pero tingnan din natin ang kabilang panig. Nagdala ang siyensiya sa atin ng sakit. Nagdala ang siyensiya sa atin ng mga karamdaman, kamatayan.

⁹⁷ Tingnan n'yo! Ang siyentipikong pagha-hybrid ay naghatid ng kamatayan sa henerasyon, dahil sa mga pagkain at bagay-bagay. Pinaging malambot nito ang mga tao at ganoon, hanggang sa ang—ang kalalakihan't kababaihan ay binubuo na mismo ng samot-saring dumi na nakakarimarim, at wala nang—wala nang—wala na itong istraktura. Naging sangkumpol na lang ng malambot na dikya. Hindi na nila kayang mabuhay nang walang air conditioner, mamamatay sila. Hindi na sila maaaring maglaro ng beysbol, kung matiyempong matapik ang isa sa kanila, ikamamatay niya ito, sa ring ng boksing at sa kung ano pa. Haya't napakalambot na nito hanggang sa ang lalaki't kababaihan, hayan nga, binabaluktot sila ng mga ito.

⁹⁸ At itinuturok nila itong hybrid na ito sa mga baka na bumabalik tuloy sa mga tao ngayon, ayon mismo sa siyensiya, at ibinubunsod sila na maging mga binaluktot. Dahil, kapag ang isang—isang baka ay hybrid, o anumang pagkain na hybrid, 'yung pagkain na 'yun ay gumagawa ng selyulang dugo, at 'yung selyulang dugo'y ang inyong buhay. Nakita n'yo na ang dulot nito? At pagkatapos, sa karne, tinuturukan nila itong mga ineksyon sa karne, at napatunayan na ngayon na nakakaapekto

ang mga ineksyon na ito sa sangkatauhan. Batay mismo sa siyensiya!

⁹⁹ Binubugahan nila ng spray ang mga bukid ng DDT, nakita ko nga noong isang araw, at ngayon ay may walong-daang tao tayo sa komunidad na ito na may sakit dahil sa pagkain ng itlog. Naalala n'yo mga taon na ang nakalipas noong una kong, noong maliit pa ang istraktura natin dito, at nagpropropesiya ako, at sinabi ko, "Mangyayari sa huling mga araw, huwag kayong maninirahan sa kapatagan at huwag kumain ng itlog." Nasa aklat ko 'yun. Naisip kong may bagay ukol dun, at pumunta ako't tiningnan 'yun. "Huwag kumain ng mga itlog." Noong 1933 pa ito. May kung anong bagay sa itlog ngayon, at nakita ko nga sa kung saan na sinasabi ng siyensiya na ang isang tao na lampas singkuwenta ang edad ay di na dapat kumain ng itlog, dahil ito ang pinakamabigat na bagay sa isang puso na makakain. Mga sakit!

¹⁰⁰ Gatas, dati-rati ang pinakabalanseng pagkain natin ay gatas. Sasabihin na ng mga doktor sa inyo, "Layuan mo ito." Nagdudulot ito ng sinusitis at lahat na ng iba pa. Ang parehong tao na dating umiinom nito at nabubuhay sa loob ng maraming mga taon at di nagkakaroon ng sinusitis, pero dahil sa paghahalo-halo ng mga lahi't kung ano pa'y sinira ang istraktura ng tao hanggang sa ito'y humantong sa wala nang iba't samot-saring dumi na lang na nakakarimarim, isang kumpol—isang kumpol ng sakit. Anong may dulot nito? Siyensiya!

¹⁰¹ Tingnan n'yo! Ibinunsod nun na 'yung mga gene sa pagitan ng—ng lalaki't ng babae'y humina, pisikal na humina nga ang tao, dahil sa humina ang mga gene, at ang pagdami ng mga batang malama ay nasa humigit-kumulang tatlung porsiyento na. Umaakyat nang husto ang bilang ng mga Mongoloid. At itong kahinaan na ito ng paghahalo-halo ng mga lahi ng mga pagkain na kinakain natin para mabuhay, siyanga't pinahihina ang ating katawan, na nagdudulot ng kanser, mga problema sa pag-iisip, at lahat na ng klase ng mga sakit na dumadapo sa katawan ng tao dahil sa kahinaan nito. Siyentipikong, sinisira ang kanilang sarili, lumalayo sa plano ng Diyos.

Sinabi Niya, "Mamunga ang bawat binhi ng kauri nito." Umhum.

¹⁰² Nakikita n'yo kung nasaan na tayo? Puwede pa sana akong magpatuloy at magpatuloy; nauubos na ang oras natin. Pero, pansinin n'yo, ano 'yung nagbubunsod nito? Nagdala ang siyensiya ng kamatayan, karamdaman, at pagkawasak.

¹⁰³ At nakita ko noong isang araw, kausap ko ang aking butihing kaibigan, si Doktor Vayle na nakaupo rito, tungkol sa isang artikulo na may mga taong namamatay raw dahil sa penicillin.

Hindi mismo sa penicillin, kundi sa dumi na hinahayaan nilang makapasok dito kapag gumagawa sila ng penicillin. Ito'y pakana para kumita lang ng pera, kasakiman. Ibinibigay ito ng mga doktor kung minsan na walang kaalam-alam sa pormula ng aspirin, at ipinapadala sila ng kanilang tatay para sumangguni sa isang—isang espesyalista sa kung anong ibang bagay, at wala man lang kaalam-alam kung papaano gamutin ang sakit ng tiyan ng isang bata. Pero ano nang mayroon tayó? Kasakiman, koneksiyon, o kung anong maliit na bagay. Halos wala na sila nung makalumang doktor ng lalawigan na dati-rati'y dumadalaw at makikipag-usap sa inyo at aaliwin kayo at ginagawa ang lahat. Inaalís na nila mismo ang Diyos sa eksena, dahil nakatuon na sila sa sarili nilang pamamaraan. Para maalis ang Diyos sa eksena, haya't ang pagpapaliwanag nila ukol sa Kanya'y napakalayo. Hayan nga.

¹⁰⁴ Ganoon ang naibunsod natin dahil sa paghahalong-lahi. Nakita n'yo, ang katawan... Bagay na bumubuo sa isang malusog na halaman, na halos di mapasok ng mikrobyo. Hayan nga ang mga halamang pinalaki sa punlaan, itong mga hybrid na halaman na kailangan mong wisikan ng spray sa tuwina. At marami sa inyo ang nakabasa na ng mensahe ko tungkol sa *Relihiyong Hybrid*, palagi mo itong winiwisikan ng spray at pinamimihasa na parang sanggol at—at kung anu-ano pa. Pansinin n'yo, pero ang talagang tunay na halaman ay di na kailangang wisikan ng spray, orihinal siya.

¹⁰⁵ Ano ang nagbubunsod sa mga sakit na dumapo sa katawan ng tao? Ang katawan ba... Gaya ng nabanggit sa akin ng isang matalik kong kaibigan na doktor, na hindi ko na babanggitin ang pangalan niya ngayon, pero isa siyang napakabuting kapatid, haya't bumasa siya sa akin kamakailan lang mula sa isang medikong dyornal, isang libro sa opisina niya kung saan itinatago niya ang lahat ng magagandang libro na ito at mga pinakabagong bagay ukol sa medisina. Siyanga't panghihina. Pansinin n'yo ang sinuman na talagang... Sinasabi n'yo pa lang na bagsak ang inyong katawan, madali kayong sipunin. Ano ito? Ito nga'y panghihina ng katawan n'yo na naglalabas ng uhog mula sa inyong mga glandula. At, doon, ipupunla ng mikrobyo ng sipon ang sarili nito, at sisipunin kayo. Pero kung malakas ang katawang 'yun, iwawaksi nito palayo 'yung mikrobyo ng sipon, hindi ito makakadapo roon.

¹⁰⁶ Kaya, kita n'yo, noong binuo ng Diyos ang tao sa una pa lang, hindi siya kinakapitan ng anumang karamdaman. Kita n'yo? Pero dahil sa kawalan ng pananampalataya at siyensiya, ang siyensiya't edukasyon ang unang bagay na naglayo sa tao mula sa Diyos, at inilalayo pa rin siya nito.

¹⁰⁷ Tingnan n'yo na lamang 'yung mga sigarilyo at paglalasing, at itong mga striptease na halos mahubaran na't iba pa, kung ano ang ginawa sa unti-unting pagbagsak ng henerasyong ito.

Sa palagay ko'y palagi n'yong naiisip. . . May bibitiwan lang ako ritong isang pahayag. Hindi ko sana ito gagawin, pero sa tingin ko'y gagawin ko.

¹⁰⁸ Kita n'yo, iniisip nila kung minsan, palagi nilang sinasabi sa akin, "Kapatid na Branham, anong—anong nagtutulak sa'yo para sitahin sa tuwina ang ganoong mga bagay? Hindi mo maririnig ang ganito. . . Halimbawa pupunta ka sa simbahan ng isang tao, aba, dadalhin ko halimbawa ang mga kababaihan sa amin at di man lang sila makaupo ng kumportable sa dako kung saan ikaw ang nagsasalita. Palagi mo na lang silang binubulyawan, buweno, tungkol sa maiksi nilang buhok, at tungkol sa pagsusuot ng mga damit na panlalaki, at lahat ng ganoong mga bagay. Sabihin mo nga, bakit mo ginagawa ito?" Ngayon ako—ako—ako'y. . .

¹⁰⁹ Marahil ito na ang huli kong Mensahe hanggang sa susunod na tag-init, alam n'yo, pero gusto kong sabihin sa inyo. Heto po. Ito'y ang Espiritu ng pagkilala para sa mga huling araw na ito, na natatalos na 'yun ay isang isinumpang bagay sa harapan ng Diyos. Kaya napapaisip na lang ako kung minsan kung mayroon pa kayang anumang espirituwal na pagkilala ang isang ministro sa huling mga araw na ito? Ang Diyos mismo na nagsasaysay sa entablado rito ukol sa mga kalagayan n'yo at kung anong nagawa n'yo, at—at kung anong kahihinatnan n'yo, at—at kung ano ang mga suliraning mayroon kayo, ang parehong Espiritung 'yun na nasa inyo'y tumitingin sa labas at napagkikilala ang mga tanda ng panahon, at hindi Nito kayang pigilan ang pagsigaw. Ito'y ang Espiritu ng pagkilala, dahil sinaysay Mismo ng Espiritu Santo na kasalanan ang bagay na 'yan, at ang sinumang makikibahagi rito'y mapapahamak. At kung ganoon papaano ako magiging karapat-dapat sa paningin ng Diyos, at samantalang nakikita ang mga kapatid kong babae't kapatid kong lalaki sa ganoong uri ng kalagayan, kung hindi ako mangangaral laban dito? Kahit na magalit pa sila sa akin, kailangan ko mismong manawagan laban dito. Ito'y espirituwal na pagkilala. Kung minsan umiiba sila sa Salita at iba pa, at dahil 'yun sa kakulangan ng espirituwal na pagkilala. Halikayo't harapin n'yo ito sa pamamagitan ng Salita. Kita n'yo? Kita n'yo, alam nating—alam nating tama 'yun. Buweno, ito'y, ito'y pagkaalam mismo na ito ang katotohanan. Ito'y espirituwal na pagkilala sa mga huling araw.

¹¹⁰ Ngayon nakikita na natin ang ukol sa siyensiya, ayaw ko—ayaw ko nang magpakahaba pa tungkol diyan, paubos na ang oras ko. Ngayon tingnan nating muli ang edukasyon at tingnan natin kung anong idinulot nito. Kita n'yo? Ngayon may dalawa tayong iglesya sa kabuonan.

¹¹¹ Ngayon, napagtatanto nating ito 'yun, na ito'y pangangatwiran, karaniwang pangangatwiran na naghudyat sa bola ng kasalanan na gumulong sa simula't sapul. Ito'y mga

pangangatwiran na ano? Pangangatwiran laban sa Salita ng Diyos. Noong sinabi ng Diyos kina Adan at Eba, “Sa araw na kayo’y kumain niyaon, sa araw na iyon ay kayo’y mamamatay,” ganoon mismo, ’yun nang lahat ito. At prinotektahan Niya sila laban sa kaaway, sa likod ng Kanyang Salita. Pero noong si Eba, ay nakinig sa mga pangangatwiran ni Satanas, kita n’yo, kultura, kaunawaan, edukasyon, pag-unlad, kita n’yo, lumabas siya roon at nakinig sa mga pangangatwiran ni Satanas, at nagawa ang bagay na sinabi ng Diyos na “huwag gawin.” At kung ang isang pangangatwiran, pakikinig sa isang pangangatwiran na laban sa Salita ay naging sanhi ng lahat ng kaguluhang ito, hindi ka ibabalik ng isa na namang pangangatwiran laban sa Salita sa parehong lugar, dahil magiging napakamangmang naman ng Diyos para ibaling ang tao pabalik sa parehong basehan na pinalabas Niya siya. Kita n’yo? Kita n’yo? Kinakailangan n’yong lumapit sa nabubong Dugo ni Cristo. Hindi uubra ang denominasyon n’yo, at hindi uubra ang mga pangangatwiran n’yo. Ito’y sa Dugo at kapanganakan, at mamumunga Ito sa inyo ng isang bagong nilikha, si Cristo, at mamumuhay kayo nang akma kay Cristo, dahil ’yung Toxin na iniinom n’yo ay nagpapakitang pinapatay Nito ang kasalanan ng kawalan ng pananampalataya, laban sa anumang bagay liban sa Salita ng Diyos.

¹¹² Binibigyan lang tayo ng edukasyon ng...doon... Mayroon tayong dalawang iglesya na nasa harapan ngayong umaga. Ang isa sa mga ito’y ang Iglesya ng Pentecostes na inorganisa noong Pentecostes ng Espiritu Santo; ang pangalawa nama’y ang iglesya ng Romano Katoliko na inorganisa sa Nicea, Roma. Ang isa rito’y isang kapanganakang espirituwal; ang isa naman ay isang intelektuwal na pakikianib. Buhat sa iglesyang ’yun ay nanggaling ang lahat ng mga Protestante, nanggaling ang lahat ng mga denominasyon. Yun ang unang denominasyon. Nanggaling ang lahat ng mga denominasyon sa isang ’yun at kaugnay sa isang ’yun mismo, sinasabi ng Apocalipsis na ganoon nga, “Siya’y isang patotot at siya’y ina ng mga patotot.” Siyanga. Kaya walang...Hindi matatawag ng kaldero ang takure na mamantika, kita n’yo, dahil ito’y—ito’y ganoon mismo, iisa lang. Ito’y naorganisa, ligaw na ito, nasa Roma mismo. Wala akong pakialam kung ano pa man ito, ligaw na ito! Ang Biblia, katatapos lamang nating tumalakay sa mga kapanahunan ng iglesya, na pinatunayan ’yun. Nakabatay ang isa sa espirituwal na pagkilala; ang isa nama’y nakabatay sa pang-edukasyon at pang-intelektuwal na kuro-kuro.

¹¹³ Ngayon, ibinabalik tayo muli nun sa halamanan ng Eden, pabalik sa parehong lugar. Ang babae (iglesya) ang nakinig, hindi si Adan, ang babae! Ngayon gusto nilang maging inang iglesya, sige lang! Ganoon na ganoon mismo. Walang anumang bagay na wala sa panahon. Sila na mismo ang nagpapahayag,

kita n'yo. Kita n'yo, pabalik mismo sa parehong bagay, sa di pagsampalataya sa Salita ng Diyos! Sa Nicea, Roma, noong lumabas ang pag-uusisa tungkol sa bautismo sa tubig, tungkol sa iba pang mga bagay na tulad nun, at tungkol sa bautismo ng Espiritu Santo, ang—ang mga obispo'y sama-samang inorganisa ang tinatawag na Romano Katolikong simbahan, na isang Romanong “maharlika”, ang itinawag nga rito. Katatapos ko lang magbasa ng kasaysayan kahapon, at sa pakikinig dito, sa pagsusuri ko rito muli. At para lang sana 'yun sa Roma, para sa Roma lang ang maharlikaang simbahan. Ang iba'y maliliit lang na kapatid na simbahan nito, pero tinawag din na Katoliko.

¹¹⁴ Ang Iglesia rin naman natin ay ang katolikong, unibersal na Iglesia, na isang—isang unibersal na paniniwala ng lahat ng mga mananampalataya. Ang isa sa mga 'yun ay ipinanganak ng Espiritu ng Diyos at taglay Itong Espiritu Santo, at pinatutunayan ito sa pamamagitan ng kanyang Buhay, Doktrina, at pagkilos, na naroon ang Espiritu Santo, dahil Ito ang Mang-aaliw na ipinangako ni Cristo—ni Cristo, na kumikilos sa Kanyang iglesia, ginagawa ang parehong bagay na ginawa Niya noon sa simula. At sa ganoong paraan gumana ang Toxin ng pagliligtas ni Cristo sa simula, sa ganoon Ito gumagana ngayon, nagbubunsod ng ganoon din.

¹¹⁵ Ang isa naman ay isang intelektuwal na hinuha ng isang denominasyong binuo ng isang grupo ng kalalakihan, na may “anyo ng kabanalan,” gaya nga ng sinaysay sa atin ng propeta, “at itinatangi ang Katotohanang ito ng Kapangyarihan.” Ngayon, malinaw na malinaw na nga 'yan gaya ng nalalaman kong paglilinaw rito.

¹¹⁶ Ngayon, naroon ang dalawang iglesia. Ang isa sa mga 'yun ay naisilang sa Nicea; at ang isa nama'y naisilang sa Pentecostes. At—at noon pa ma'y ang isa'y palagi nang laban sa isa. Nadaan na natin ang mga kapanahunan ng iglesia para patunayan ito, na ang isa'y laban sa isa pa. Ang isa sa mga 'yun ay isang pino, na napaparangalang, intelektuwal na iglesia na may mahuhusay na mga iskolar at iba pa; ang isa nama'y inuri bilang isang “grupo ng mga holy roller.” Ganoon ito sa simula, “mga lasing, na mangmang na mga mangingisda,” at ganoon pa rin ito hanggang ngayon, inuuri pa rin ito sa ganoong kategorya. Ang isa sa mga 'yun ay siyentipiko; at ang isa nama'y espirituwal. Ang isa'y siyentipikong pagkakaayos; ang isa nama'y espirituwal na pagkilala sa Salita. Ang isa'y inayos nang batay sa siyensiya, kung ano ang sinasabi ng mga grupo ng kalalakihan, ng intelektuwal na obispo. Ang isa nama'y ganap na ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, at nabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, at ginaganap nito at pinapangyari ang mga Salita na ipinangako ng Diyos. Ipinapakita lang kung anong toxin ang iniinom n'yo. Ang taglay n'yo ba'y pang-edukasyong toxin? Mayroon ba kayong Toxin ng Espiritu Santo? Kita n'yo? Buweno.

117 Oh, ang katusuhan talaga ni Satanas! Kayang-kaya niyang ipinta ang larawang 'yun, na sa intelektuwal ay kaya niyang paikut-ikutin mismo ang isang tao na hindi ipinanganak ng Espiritu ng Diyos! At wala ring paraan, sa intelektuwal, para pabulaanan sila rito. Walang paraan.

118 Ito'y isang pagkilala sa pamamagitan ng pananampalataya, kita n'yo, isang pagkilala. Nakikita natin kung ano ang sinasabi ng Salita, sinasampalatayan natin Ito.

119 “Kung ganoon, Kapatid na Branham, sinasabi nilang mayroon daw silang pagkilala.” Kung ganoon ay hayaan n'yong ipakita ng Espiritu Santo mismo kung ano ang ipinangako Niyang ipapakita, saka natin ito paniniwalaan. Kita n'yo? Hayun ang katibayan Nito.

120 Paano ba ang naging kilos ng Toxin noong tumama Ito sa tao? “Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya,” Sabi Niya. Kung tumama ang Toxin doon, kung ganoon ay ayos 'yun. Kita n'yo? Kaya nagdadala ang mga ito sa atin ng. . .

121 Dinadala tayo ngayon nito, haya't sa pagsasara, sa mga susunod na ilang minuto, siyanga't dinadala tayo nito mula kay Abel at Cain, hanggang sa paghatol noong panahon ni Noe, mula roon sa mismong pagdating ng mga araw ni Noe. Ngayon, bago tayo magkaroon ng pila para sa pananalangin, makinig kayong mabuti habang dadaanan ko nang mabilisan ang ilang mga Kasulatan dito sa isang maikling—isang maikling teksto.

122 Nakita natin na pagkatapos kunin ng mundo ang intelektuwal na pagkaunawa nito sa Salita, naging mga bantog na tao ang mga taong 'yun, kilalang tao. Ganoon ang sinasabi ng Biblia, Genesis 6:4. Bantog na mga lalaking humahabol sa naggagandahang mga babae't mga bagay-bagay, gaya ng mayroon tayo sa buong mundo. Katatapos lang nating talakayin ito sa *Ang Mga Kumikislap Na Pulang Ilaw*, na pinag-usapan natin noong isang gabi kung papaanong magiging mas magaganda ang mga babae sa mga huling araw, kung papaanong ang lalaki, mga kilalang lalaki, kagaya nga nung iskandalo sa Inglatera at sa Estados Unidos. At matutuklasan pa lang ito isa sa mga araw na ito. Kita n'yo, hindi n'yo lang alam itong tungkol sa mga bayarang babae't lahat na ng iba pa. Kita n'yo? Alam n'yo bang may tatlong serbidora ng alak katumbas sa isang babaing nag-aaral sa hayskul o kolehiyala? May tatlong serbidora ng alak katumbas sa isang babaing nag-aaral sa hayskul o kolehiyala. Alam n'yo ba, may partikular na porsiyento, hindi ko lang masabi ngayon dahil wala ito sa harapan ko, hindi ko nailista, pero halos sankatlo sa mga batang hayskul sa buong bansa ang napatunayang imoral o kinakailangang umuwi ng tahanan dahil buntis na? Alam n'yo bang ang pag-inom ng penicillin para itaboy ang mga pangseksuwal na sakit ay nagdulot lang ng pagkasira ng mga tao, na, hindi talaga patay ang bagay na 'yun?

Pero ganoon pa man, kita n'yo, sinabi ng Diyos na dadalaw ito hanggang sa ikaapat na salinlahi. Nagiging sanhi ito ng pagiging Mongoloid at lahat na ng iba pa, at ang mga bata'y. . . Oh, talagang ang kasalanan, grabeng katuso! Papaanong sila, sila na mga ministro'y tatayo at di man lang mangangaral laban sa kanila na mga striptease na halos hubad na sa lansangan, at pinapayagan pa silang umawit sa koro, at lahat ng gaya nun, at nakikitang 'yun mismo ang bagay na nagbubulid sa ating bansa sa impyerno, at magbubulid sa lahi natin sa impyerno. Siyanga. Hayan nga na nakita natin ngayon na pagkatapos na mapuno ang Diyos dahil dito, gaya ng paniniwala kong napuno na Siya sa panahong ito. . .

¹²³ Ngayon ay papatumbok na ako sa teksto ko. Siyanga't kakatwa po ang paraan ko ng pagdadala ng isang. . . Gustong-gusto kong unti-unting buuin ang maraming bagay at saka ko tutumbukin ang teksto ko. Ngayon, nalaman natin na noong panahon ni Noe, noong hahatulan na ng Diyos ang mundo, noong humantong ito na tulad sa kalagayan nito ngayon, dahil sinabi ni Jesus na magkakangayon nga ito, nagmalasakit ba Siya? Nagmalasakit ba Siya? Siya, tunay ngang nagmalasakit Siya. Nagmalasakit Siya para sa ano? Ngayon, pagkatapos na alam Niyang darating ang kahatulan, at ipinahayag ang kahatulang 'yun, nagmalasakit Siya para dun sa mga nagmalasakit. At ganoon din ito sa panahon ngayon. Nagmalasakit Siya para dun sa mga handang magmalasakit. At nakita natin na nagpadala Siya ng isang propeta para pumatnubay sa kanila, para patnubayan ang Kanyang hinirang bayan tungo sa inilaang daan nito para sila'y makaalpas. Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kita n'yo? Nakita nating nagmalasakit ang Diyos para sa Kanyang bayan. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

¹²⁴ Nasa wakas na tayo, at nakikita na nating nasa kawakasan na tayo! Wala nang paraan para maitayo pa sa kasiraang 'yun. Papaano tayo makapagtatayo ng isang siyudad sa ibabaw ng nasunog na labi ng isang Sodoma at Gomorra? Papaano natin magagawa 'yun? May isang phoenix na lang na natitira, at 'yun ang pagdating ng Panginoong Jesus; oh, naku, isang paglilinis sa pamamagitan ng panahon ng Kapighatian, para maipanumbalik sa isang pagpapanauli ang isang mundo, para sa isang bayan na matuwid sa harapan ng Diyos at nabubuhay sa pamamagitan ng Kanyang Salita.

¹²⁵ Pansinin n'yo, nagmalasakit Siya para dun sa mga nagpahalagang makatakas sa mga araw ni Noe, at pinadalhan Niya sila ng isang propeta. At itinuro ng propetang ito sa kanila ang inilaang daan ng Diyos. Ngayon, ganoon ang paraan ng Diyos ng paggawa ng mga bagay-bagay. Kita n'yo? Nagsalita ang Diyos kay Noe, nitong Salita mismo (hindi pa nakasulat ang Salita noong panahon na 'yun), at sinabihan si Noe na maghanda ng isang daong para sa pagliligtas sa mga tao at para

balaan ang lahat ng mga tao na mayroon Siyang “isang paraan ng kaligtasan.” At ang lalaking ito’y isang pinagtibay na propeta na nagpatunay sa kanila sa daan para makaalpas. Pansinin n’yo, pinakinggan ng mga mapagpakumbaba’t tapat ang taong ito at pinaniwalaan siya, at nakaalpas sila. Naalpasan nila ang ano? Ang kamatayan ng daigdig ng kasalanan na winawasak noong panahong ’yun, natakasan nila ang daan ng kamatayan na nakalaan sa buong mundo noon. Nagmalasakit ang Diyos nang husto! (Oh Diyos, tulungan Mo po ito na bumaon nang malalim ngayon, bago ang pila para sa panalangin.) Nagmalasakit ang Diyos!

¹²⁶ Nakatunghay Siya ngayon sa mundo sa panahong ito, at nanawagan Siya at nanawagan Siya, at itinaboy lang nila’t tinanggihan. May pagkakataon para sa pagsisisi sa simula. Noong sinabi ng Diyos kay Isaias na pumunta at maglagay. . . sabihin kay Hezekias na mamamatay na siya, haya’t nagsisi si Hezekias at nagtamo ng awa. Noong sinabi ng Diyos kay Jonas na pumunta ng Ninive at sumigaw, dahil sa loob ng apatnapung araw ay lilipulin Niya ang siyudad, nagmakaawa ang mga tao’t nagkaroon ng pagsisisi. Pero sa tuwing tinatanggihan nila ito, wala nang natitira kundi kahatulan! At tinanggihan ng bansa si Cristo. Nabigo silang dinggin ang panawagan, kaya wala nang natitira pa kundi nahaharap tayo sa kahatulan.

¹²⁷ Ngayon, nagmamalasakit ba ang Diyos doon sa mga nagsisi? Gumawa ba ang Diyos ng daan para sa kanila? Ngayon makikita natin ang ginawa Niya noong mga nagdaang panahon.

¹²⁸ Noong panahon ni Noe, nagmalasakit Siya! Nagpadala Siya ng propeta, at Kanyang—Kanyang dinala ang daan at ipinakita Niya sa kanila ang daan, at nilaanan Niya sila ng daan para makaalpas at natakasan nila ang kahatulan. Nagmalasakit din Siya para sa kanila. Nalaman natin na dinala Niya sila sa isang lugar kung saan Siya, sa mga huling araw, sa dako (ng lahat) bago dumating ang dakilang paghatol, nagmalasakit Siyang lubos para sa kanila hanggang sa naghanda Siya ng isang daan na maaari silang makapasok at magiging malaya sa lahat ng mga kahatulang darating.

¹²⁹ Ngayon, ginawa Niya ’yun sa mga—sa mga Hinirang. Ngayon, alam natin ’yun. Ginawa Niya ’yun sa mga Hinirang, at tanging sa mga Hinirang, mismo! Sila ang tumanggap sa binhi ng Buhay na ito. Sila ang itinalaga noong una pa man na makita ito. Sila mismo. Tayong lahat, kung sinasampalatayanan natin ang Biblia, kinakailangan nating paniwalaan ang paunang pagtatalaga. Kita n’yo? Siyanga. Hindi sa ibig ng Diyos na ang sinuman ay magdusa, subalit alam na Niya kung sino ang tatanggap Dito at kung sino ang hindi.

¹³⁰ Nagmalasakit din Siya para sa Kanyang bayang hinirang sa mga araw ng pagwawasak sa Egipto. Naroon sila sa Egipto at

naging mga alipin. Sa mga araw ni Moises, nagmalasakit Siya sa mga tao. Pinadalhan Niya sila ng ano? Isang propeta, muli. Tama ba? At inihwalay Niya ang Kanyang bayan sa mundong hindi sumasampalataya, mula sa paparating na kahatulan noong araw na 'yun. Ginawa ba Niya? Nagmalasakit Siya noong nagkapatong-patong na ang mga kasalanan ng Egipto hanggang sa kinailangan na ng Diyos magpadala ng kahatulan, dahil sinabi na Niya noon kay Abraham, "At pakikitunguhan Ko ang bayang 'yun." Kaya naman sa halip na ibuhos ang Kanyang poot sa kanilang lahat, ipinadala Niya ang Kanyang pagmamalasakit sa kanila. Ipinadala Niya ang Kanyang Mang-aaliw sa kanila. Ipinadala Niya ang Kanyang Salita sa kanila. At palagi Niyang ipinapadala ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng Kanyang propeta, tulad ng ginawa Niya noong panahon ni Noe. Ganoon din ang ginawa Niya noong mga araw ni Noe. Sa mga araw ni Eli- . . . ni Moises, nalaman natin na ganoon din ang ginawa Niya. Ipinadala Niya sa kanila ang Kanyang propeta, at inihwalay nila ang kanilang sarili sa kawalan ng pananampalataya. Ngayon, 'yun ang uri ng mga lumabas. Yun ang uri ng mga sumampalataya Rito. Pinaniwalaan nila si Moises, na isa siyang . . . Sa mga mata ng Faraon, isa siyang panatiko, isa siyang salamangkero, isa siyang mapagkunwari, isa siyang bagay na kasuklam-suklam. Pero sa mga taong hinirang, na nagsilabas ayon sa Salita ng Diyos ("Ilalabas Ko sila"), isa siyang propeta sa kanila. Siya ang daan na inilaan ng Diyos. At ang propeta ring ito . . . Pansinin n'yo, pinaniwalaan nila siya at nakaalpas sa kahatulan noong panahong 'yun. Pinaniwalaan nila si Moises.

¹³¹ At sinabi Niya na nagmalasakit din Siya para ilabas sila, at pinangalagaan Niya sila sa paglalakbay pagkatapos nilang lumabas. Amen. Kung paano na 'yun ay sa pisikal, gayundin sa dakong espirituwal. Nagmalasakit Siya! Bakit? Ibinigay Niya ang lahat ng kinailangan nila habang nasa paglalakbay sila. Siyanga ba? Pinagaling Niya sila noong sila'y may sakit. Nagbigay Siya ng kagalangan, nagbigay Siya ng paraan para sa karamdaman nila. Naglaan Siya ng isang—isang tansong ahas, na maaari silang tumingin sa tansong ahas na 'yun, na isang simbolo ng kasalanan, at gumaling. Pinakain Niya sila habang sila'y nasa daan, kung saan walang tinapay ay nagpaulan Siya ng tinapay mula sa Langit. Pinakain Niya sila. Hindi lang 'yun, kundi binihisan Niya sila, na nagpapakitang nagmamalasakit Siya para dun sa mga nagmamalasakit.

¹³² Kung nakahanda na silang magtapat at magsisi't manampalataya at tumanggap, nagmamalasakit ang Diyos! Pero kailangan n'yo munang magmalasakit, kailangan n'yong tanggapin kung anong ipinadala Niya sa inyo. Nagmalasakit Siya nang husto para sa kanila para makatiyak sila na walang magiging pagkakamali, kaya pinagtibay Niya ang Kanyang

propeta sa pamamagitan ng isang tanda ng isang Haliging Apoy, para maipakita sa mga tao na hindi lang ang lalaking ito ang naglalakad dito, ang Diyos ang nasa mismong ibabaw Niya, Siya Yaong nangunguna sa daan. Nagmamalasakit ang Diyos para sa mga taong nagmamalasakit. Nagmamalasakit ang Diyos para sa mga nagmamalasakit sa Kanya. Kaya pinagtibay Niya ang lalaking ito't pinatunayang siya'y lingkod ng Diyos, sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanila ng isang Haliging Apoy para pumatnubay sa kanila sa mismong lupain. At alam nilang hangga't ang tandang ito ng Apoy na ito, na isang Haliging Ulap at Apoy ay sumusunod sa kanila. . . Sinabi Niya na Kanyang "di aalisin ang Haliging Apoy at Ulap." Sinamahan Niya sila sa loob ng maraming taon sa ilang, apatnapung taon. Tama ba? Pinangunahan sila ng Haliging Apoy na 'yun! Nasa ikatatlumpu't tatlong taon na tayo, pitong taon pa't magiging katipo na ito. Buweno, pinangunahan sila ng Haliging Apoy. Iningatan Niya sila. At nagmalasakit Siya sa kanila nang husto hanggang sa ipinabatid Niya sa kanila na—na hindi 'yun isang siyentipikong bagay, hindi 'yun isang pagkakamali, kundi pinagtibay Niya ang Mensahe, pinatunayan Ito.

¹³³ Nagmalasakit Siya maging para sa isang babae na tagalabas, na hindi Israelita. Hindi siya kabilang sa grupo, bagkus isa siyang tagalabas, Presbyterian, Methodist, o kung ano, nasa kabilang panig siya. Pero noong marinig nung babae! Ang pangalan niya ay Rahab, namumuhay siya. . . isa siyang patotot. Pero noong marinig niya kung paanong ang Diyos ay nasa isang Haliging Apoy at pinangungunahan sila, sinabi niyang hayaang. . . tumawag siya sa Diyos, at pinakitaan niya ng kabutihang-loob ang mga tiktik na dumating para magmasid sa lupain. At dahil nagmalasakit siya para sa kanya at sa kanyang bayan, pinagmalasakitan naman siya ng Diyos. Hanggang sa ibinigay ng patotot na ito ang buhay niya kay Cristo, sa Layunin, dahil nakita niya ang tanda ng isang Sobrenatural na Diyos, at pinaglilingkuran niya noon ang kanyang mga diyus-diyosan sa sarili niyang denominasyon. Pero noong makita niya itong dakilang Sobrenatural na tanda, sumigaw siya't humingi ng awa, at awa para sa kanyang sambahayan, at labis na nagmalasakit ang Diyos para sa kanya na noong ang buong siyudad ay gumuho, na ang bawat guho'y nagpatong-patong, hayan nga na wala ni isa mang bato na nagalaw man sa kanyang bahay. Nagmamalasakit ang Diyos! Bagamat isa siyang tagalabas, wala siya sa grupo noong panahong 'yun, pero nagmalasakit mismo ang Diyos. Lagi Siyang nagmamalasakit.

Nagmalasakit Siya para kay Elias noong siya, at siya lamang, ang nagmalasakit sa Diyos.

¹³⁴ Hallelujah! Doon ito hahantong. "Ilagak ninyo ang inyong alalahanin sa Kanya, sapagkat nagmamalasakit Siya sa inyo." Si Pedro, na nangungusap sa mga hinirang na matatanda,

sa mga matatanda't sa kanila na nasa iglesia, ang sabi niya, "Ilagak ninyo ang inyong alalahanin sa Kanya, sapagkat nagmamalasakit Siya sa inyo. Ilagak ninyo ang lahat ng bagay roon, dahil malinis kayo sa harapan ng Diyos. Kayo'y—kayo'y lumalakad bilang mga lingkod ng Diyos."

¹³⁵ Nagmalasakit ang Diyos kay Elias dahil pinahalagahan ni Elias ang Diyos. Naiwaglit ng lahat ng iba pang mangangaral ang pangitain ng panahong 'yun, naiwaglit ang kalooban ng Diyos at ang pag-ibig sa Kanyang Salita, at naging moderno nang lahat ito. Subalit gaano pa mang pinaging moderno ni Jezebel ang mga 'yun, bilang unang ginang ng lupain, kahit gaano pang pinabayaan ng mga mangangaral sila na mga kababaihan sa ikinikilos nila't ginagawa. Nanawagan si Elias laban dito, sa Pangalan ng Panginoon. Isinaalang-alang niya ang sinabi ng Diyos, at isinaalang-alang ng Diyos ang sinabi ni Elias, dahil sinalita niya mismo ang Salita ng Panginoon. Nagmamalasakit ang Diyos kapag nagmamalasakit kayo, pero kailangan n'yo munang magmalasakit. Oo.

¹³⁶ Pansinin, nagmalasakit Siya noong tinawag Niya si Elias, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, mula sa gitna ng mga denominasyon. Tila bang mamamatay na siya sa gutom, dahil walang ikapu't mga kaloob na darating sa kanya. Pero labis na nagmalasakit ang Diyos kay Elias, hindi Niya hinayaan na magutom siya sa panahon na sinusunod niya ang Salita ng Diyos. Inutusan Niya ang mga uwak na pakainin siya. Nagmalasakit Siya kay Elias dahil nagmalasakit sa Kanya si Elias, at Siya ang Salita.

¹³⁷ Nagmalasakit Siya kay Daniel noong nagmalasakit nang sapat si Daniel para sa Salita ng Diyos na nagbunsod sa kanya na manalangin nang taimtim. Kahit anong sabihin ng hari, "Ayaw ko nang may gagawa pa nun," Haya't binuksan lang ni Elias ang mga takip ng bintana't tumanaw sa direksyon ng Jerusalem at nanalangin. Pinahalagahan ni Elias ang Diyos, at—at nagmalasakit ang Diyos kay Elias. Pinahalagahan ni Daniel ang Salita ng Diyos at nagmalasakit ang Diyos kay Elias. Nagpadala Siya ng isang Haliging Apoy na tumakot sa leon para umiwas sa kanya't nanatili siya roon nang buong magdamag. Nagmalasakit ang Diyos dahil nagmalasakit si Daniel. Siyanga, po. Nanalangin nang taimtim, kahit alam niya na ang bunsod nun ay ipapatapon siya sa yungib ng leon kung susuway siya sa utos ng denominasyon. Pero lumuhod siya sa tabi ng bintana, na hindi kinatakutan ang sinabi ng tao. Binuksan niya ang mga bintana dahil 'yun ang utos ng Diyos, at nanalangin siya nang taimtim at tapat sa kanyang Diyos araw-araw. Pinahalagahan niya ang Diyos at ang Kanyang utos, at bumaling ang Diyos at pinagmalasakitan si Daniel at ang kanyang paghuhusay, ang kanyang paninindigan. Pinahalagahan ni Daniel ang Diyos at ang Kanyang Salita, at nagmalasakit ang Diyos kay Daniel at

sa kanyang paninindigan para sa Salita. Gagawin at gagawin ng Diyos 'yun sa bawat pagkakataon. Amen.

¹³⁸ Nagmalasakit Siya para sa mga anak na Hebreo noong taimtim nilang iginalang at pinahalagahan ang pananampalataya na minsang ibinigay sa kanila, ang Salita ng Diyos. Labis Siyang nagmalasakit sa kanila hanggang sa noong hipan nila ang trumpeta. . . Nakatanggap sila ng utos mula sa Diyos, “Huwag ninyong yuyukuran ang anumang diyos ng mga pagano, anumang rebulto. Huwag kayong yuyukod at sasamba sa kanila.” Ganoon ang utos. At noong pinatunog nila ang trumpeta at sinabi “itatapon namin sa hurno 'yung mga hindi susunod,” labis silang nagpahalaga hanggang sa tinalikuran nila ang rebulto. Siyanga. Nagmalasakit nang husto ang Diyos sa kanila, na noong nagsimulang uminit, ipinadala Niya ang ikaapat na Tao roon sa nagniningas na hurno at pinanatili silang malamig. Nagmalasakit Siya dahil nagmalasakit sila.

¹³⁹ Kung gusto mong manghawakan sa kung anong kredo, walang pakialam ang Diyos kung ano ang gawin n'yo. Kung gusto mong gawin 'yun, hindi Siya kailanman magmamalasakit sa iyo, dahil ginagawa mo ang sinabi ng tao. Pero kung manghahawakan ka sa Salita ng Diyos, sa tunay mong taos-pusong pagtatapat at sasampalatayang ang Diyos ay Tagapagpagaling, na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, Siya'y magmamalasakit sa iyo.

¹⁴⁰ Nagmalasakit Siya noon, nagmalasakit Siya sa mga anak na Hebreo, at ipinadala Niya sa kanila ang ikaapat na Tao para iligtas sila, na si Cristo. Alam natin 'yun.

¹⁴¹ Noong sumigaw 'yung ketongin, “Panginoon!” Sampung ketongin ang lumabas at taimtim na umiyak, “Panginoon, kaawaan Mo kami.” Mayroon silang sapat na pagmamalasakit para sa sarili nilang mga pangangailangan, mayroon Siyang kapangyarihan na pagmalasakitan sila. Nagmalasakit Siya para sa ketongin dahil may sapat na pagmamalasakit 'yung ketongin para magpahayag, na tawagin Siyang “Panginoon!”

¹⁴² Nagmalasakit Siya, noong nagmalasakit nang sapat ang senturyon para sa kanyag sarili't makapagsugo at makahingi ng tulong kay Jesus. Noong ang senturyon ay nag- . . . ipinakita sa pamamagitan ng pananampalataya niya, na tinalikdan niya ang kanyang mga diyus-diyosan ng Roma, at nagmalasakit nang sapat (sa pamamagitan ng hayag na pagpapatotoo) para magsugo para sunduin Siya't pagalingin ang kanyang anak, nagmalasakit si Jesus nang sapat para pumunta't pagalingin siya. Nagmamalasakit Siya kung nagmamalasakit kayo. Kailangan nga na mauna kayong magmalasakit, siyanga naman. Nagmalasakit Siya.

¹⁴³ Nagmalasakit Siya noong pinahalagahan nang sapat ni Jairo si Jesus. Isa siyang lihim na mananampalataya. Naniwala siyang

tama Siya, pero dahil sa kanyang paninindigan sa denominasyon ay hindi siya makalantad at maipahayag ito, pero noong nagkasakit ang kanyang munting anak na babae't namatay, alam ni Jairo, habang nakatingin sa kamatayan ng kanyang anak na babae, o para ipahayag ang kanyang pagpapahalaga, haya't nagpapahalaga siya nang sapat para talikdan ang mga di-mananampalataya na nakapaligid sa kanya, at isinuot ang kanyang munting sumbrerong pang-ministro, at nagpunta't natagpuan si Jesus. Noong ipinakita ni Jairo na nagpapahalaga siya, ipinakita naman ni Jesus na nagmamalasakit Siya nang sapat para pumunta't buhayin ang kanyang anak mula sa mga patay. Ilagak n'yo ang inyong mga alalahanin sa Kanya, dahil nagmamalasakit Siya! Kahit ano pa ito, nagmamalasakit Siya!

¹⁴⁴ Nagmalasakit Siya nang sapat noong wala man lang ganoong utos, walang sinabing ganoon, hindi pa Niya ito binabanggit, pero nagmalasakit Siya dahil hindi makapunta sa pila para sa pananalangin 'yung munting babae, at ang sabi nung babae, "Kung mahihipo ko lamang ang laylayan ng Kanyang damit, sumasampalataya ako sa Kanya." Nagmalasakit Siya para sa pananampalataya ng babae roon, na ano pa't lumingon Siya at tinawag ang babae sa kalipunan ng mga tao roon, at sinabi sa kanya na pinagaling siya ng kanyang pananampalataya. Nagmalasakit Siya dahil nagpapahalaga 'yung babae.

¹⁴⁵ Nagmalasakit Siya noong ang neurotikong tinatawag na Pulutong ay nagmalasakit nang sapat, sa ilalim ng kaaway, para magkumahog na lumabas mula sa ilalim ng mga puntod na 'yun ng mga diyablo't lumabas para katagpuin si Jesus, at magpatirapa. Gayong, si Pulutong! Yung mga diyablong 'yun ay hindi talaga pupunta roon kung hindi nagsumikap si Pulutong na pumunta roon para katagpuin Siya. At noong naglaan siya ng sapat na pagsusumikap, ang paninindigang 'yun sa kanyang paniniwala, nagmalasakit si Jesus nang sapat para palayasin ang pulutong na ito ng mga demonyo sa kanya, at nawala na ang kalagayan niyang pagkaneurotiko. Nagmamalasakit Siya kapag nagmalasakit kayo. Siyanga, po. Nagmamalasakit Siya kapag nagmalasakit kayo.

¹⁴⁶ Ngayon, noong sumigaw 'yung lalaking bulag sa pintuang-bayan ng Jerico, "Oh Jesus!" Bilang isang Judio, Orthodox, na maganda ang katatayuan sa sinagoga. Pero noong sabihin niya, "Ano ba ang ingay na 'yun na dumaraan?"

Ang sabi nila, "Nagdaraan si Jesus ng Nazaret, isang Propeta."

¹⁴⁷ Sabi, "Jesus, Ikaw na Anak ni David!" Oh, napakatinding pagsasaway nun sa kanyang pastor at mga saserdoteng nakatayo roon. Pero di niya alintana kung ano man ang sabihin ng pastor, saserdote, o ng iba pa, haya't interesado siya! At sapat ang

pagmamalasakit niya para matamo ang kanyang paningin, kaya tumawag siya! At noong nakahanda ang lalaking bulag na 'yun, at nagsumikap nang sapat para tumawag, nagmalasakit si Jesus nang sapat para pagalingin siya. Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman! Nagmamalasakit Siya kapag nagmamalasakit ka, pero kailangan mong mauna na nagmalasakit. Kailangan mong patunayan na nagmamalasakit ka.

¹⁴⁸ Nagmalasakit Siya nang lubos hanggang sa noong ang isang babaing, nakikisama sa anim na lalaki, ay napagkilala at nabatid at napagtanto ang Kanyang tanda ng pagiging Mesiyas na siyang espirituwal na pagkilala, nagmalasakit Siya nang sapat hanggang sa pinatawad Niya ang bawat kasalanan at binigyan ang babae ng mga tubig na di na siya pupunta pa para igibin, dahil napagkilala ng babae. Ang sabi niya, "Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang propeta," noong sinabi Niya sa kanya kung ano ang diperensya sa kanya. At sila, hinihintay niyang dumating ang araw na 'yun, mangyari nga lang na napabilang siya sa mga grupo ng simbahan, wala siyang pagkakataon para gawin 'yun. Pero noong makita niya ang isang Lalaki na Siyang nakapagsabi sa kanya kung ano ang diperensya sa kanya, ang sabi ng babae, "Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang Propeta. Alam kong sa pagparito ng Mesiyas ay sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito."

Sabi Niya, "Ako nga Siya".

¹⁴⁹ Sapat na 'yun! Nagmalasakit 'yung babae. Iniwanan niya ang kanyang banga, at nagpunta sa bayan, at sinabi niya, "Halikayo at tingnan n'yo ang isang Lalaki Na nagsabi sa akin ng mga bagay na nagawa ko. Hindi ba't ito na mismo ang Mesiyas?" Para siyang si Rahab, nagmalasakit siya hanggang sa alertuhin niya ang buong bayan. Nagmalasakit siya dahil may bagay na nabunsod, ang pinagtibay na Kasulatan ay natupad at pinaging positibo mismo, at nagmalasakit siya! Wala siyang pakialam kung ano ang sinabi ng kalalakihan o sinabi ng iba; nakita niya Ito, naroon siya noong nangyari ito. Nagmalasakit siya. At nagmalasakit siya sa kanyang mga kababayan hanggang sa sinabi niya sa bawat isa sa kanila, at naging dahilan ito para sumampalataya ang buong bayan kay Jesus Cristo. Nagmalasakit ang babae, at nagmalasakit Siya. Tunay nga, nagmalasakit Siya.

¹⁵⁰ Nagmalasakit nang husto si Jesus para sa Mensahe sa panahong ito para isakatuparan ang mga bagay na ito gaya ng sinabi Niya, hanggang sa namatay Siya at nagbangon na mag-uli para isugo sila sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang Mang-aaliw, para ipakita ang Kanyang pagmiministryo sa panahon ngayon na buhay na buhay pa rin Siya. Nagmalasakit Siya nang husto. Hindi ba tayo magmamalasakit? Ganoon nga, hindi ba tayo magmamalasakit? Namatay Siya para sa

pagmiministryong ito. Namatay Siya para makaparito ang Espiritu Santo sa panahong ito para ipakita ang mga bagay na ito. Nagmalasakit Siya para sa inyo. Nagmalasakit Siya na anupa't dinala Ito rito. Nagmalasakit Siya na anupa't naglabas ng pahayag. Nagmalasakit Siya dahil mahal Niya kayo. Nagmalasakit Siya nang sapat para gawin ito, para isugo ang Espiritu Santo sa ganito, gawin ang pagmiministryong ito sa panahong ito.

¹⁵¹ Ganoon Niya pinatunayan na nagmamalasakit Siya noong panahong 'yun, dahil dumating Siya para pagtibayin kung anong sinabi ng Diyos na magiging Siya. Yun ang dahilan kung bakit nakilala Siya nung babae. Sabi nung babae, "Nalalaman kong pagdating ng Mesiyas, isa Siyang propeta. Pagdating ng Mesiyas, sasaysayin Niya sa amin ang mga bagay na ito." Kita n'yo, nagmalasakit Siya nang husto ukol sa Salita ng Diyos para pagtibayin Ito sa kanya. Amen.

¹⁵² Ngayon ipinadala Niya ang Espiritu Santo, para sa araw na ito ng intelektuwal na pagkaunawa, para sa pamamagitan ng siya ring Espiritu Santo ay mapatunayan Niya sa pamamagitan natin na Siya pa rin ang Mesiyas, patunayan ito sa parehong paraan. Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ngayon ang tanong, nagmamalasakit ka ba? Ano ang palagay mo tungkol dito? Narito ito. Napatunayan na ito nang paulit-ulit. Pinahahalagahan mo ba ito nang husto para sampalatayanan ito? Pinahahalagahan mo ba nang sapat para ipagtapat ang mga kasalanan mo, na mali ka? Ipagtapat ang kawalan mo ng pananampalataya at tanggapin ito. May sapat ka bang pagpapahalaga para tanggapin ito? Nagmalasakit Siya nang husto para mamatay at mabuhay na mag-uli, para dalhin ito sa iyo. May sapat na pagpapahalaga ka ba para tanggapin ito. Sa tingin ko'y napatunayan na ito nang ganap, mula sa panahon ni Noe, mula pa noon sa Genesis hanggang sa wakas. Wala na tayong oras para matugaygay itong lahat. Pero nakikita n'yo na nagmamalasakit Siya, at namatay Siya para magkaroon ka ng pagpapahalaga, para magkaroon ka ng daan. At hinatid Niya ang daan na 'yun. Sinabi Niya nang eksakto kung ano ang gagawin mismo ng daang 'yun, gagawin, at ngayon heto Siya ngayon na ipinapakitang ito ang Katotohanan. Ngayon, sa masamang oras na ito na ginagalawan natin, may sapat na pagpapahalaga ba kayo ukol dito, nang buong puso n'yo, na sampalatayanan ito?

¹⁵³ Makasasali ka man sa isang pila para sa pananalangin o kung ano pa man, hindi 'yun 'yun, ang tanong nga'y nagmamalasakit ka ba? Ilagak n'yo ang mga alalahanin n'yo sa Kanya, nagmamalasakit Siya para sa inyo. Maging taos-puso kayo rito. Pahalagahan n'yo nang sapat para maging taos-puso, dahil pinatunayan Niya sa pamamagitan ng Kanyang Salitang pinagtibay na nagmamalasakit Siya. Nangako Siya na ipapadala

Ito, ginawa na Niya ito! Ipinangako Niya sa Salita, heto na nga Ito! Nagmamalasakit Siya, ngayon paano naman kayo? Heto nga, dapat na magmalasakit kayo, 'yan ang kasunod.

¹⁵⁴ Nagmalasakit Siya nang sapat, nagmalasakit Siya nang sapat para pagtagumpayan ang bawat kalaban para sa inyo, na ang tanging kailangan n'yo na lamang gawin ay maging tapat at sampalatayanan ito. Pinagtagumpayan Niya ang kamatayan. Hindi para sa akin na pagtagumpayan ang kamatayan; napagtagumpayan na ito. Hindi para sa akin na pagtagumpayan ang karamdaman; hindi ito para pagtagumpayan pa ni Cristo; napagtagumpayan na ito. Kailangan ko lamang magkaroon ng sapat na malasakit para paniwalaan ito. Natatakot ba kayo sa sinabi sa inyo ng iba? Natatakot ba kayo sa pagsusuri ng doktor? Natatakot ba kayo sa kung ano ang sasabihin ng iglesya sa inyo? Natatakot ba kayong tumayo roon nang harapan, sa diyablo? Sasabihin, "Ipinagtapat ko na ang mga kasalanan ko, isinantabi ko na ang lahat ng bagay. Sinampalatayanan ko ang bawat Salita. Heto ako, Panginoon. Lumikha Ka po sa akin ng pagmamalasakit. Ako. . . Pinagmalasakitan Mo ako, siyanga't nagmamalasakit din ako para sa Iyo."

¹⁵⁵ Naiisip ko ang mabiyayang lumang awiting 'yun, "Siya'y nagmamalasakit sa iyo. Sa aliwalas man o lilom, Siya'y nagmamalasakit sa iyo."

Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon, hindi na tayo magpapakatagal pa.

He careth for you,
He careth for you;
Through sunshine or shadow,
He careth for you.

Awitin natin ito para sa kanya, habang nakayuko ang ating mga ulo't, ating puso.

He careth for . . .

Tingnan natin ang lahat ng mga ginawa Niya.

He careth for you,
Through sunshine or shadow,
He careth for you.

He care . . .

Ngayon, kung nagmamalasakit kayo, itaas n'yo ang inyong kamay habang inaawit n'yo.

He careth for you;
Through sunshine or shadow,
He careth for you.

¹⁵⁶ Makalangit na Ama, sa oras na ito sa huling oras ng araw, nagtatapat kami mula sa kaibuturan ng aming puso, na nabatid namin sa pamamagitan ng Salita ngayon na lagi Kang

nagmamalasakit para sa Sariling Iyo. Ngunit ang problema po, Panginoon, nagmamalasakit ba kami? Gusto lamang ba naming makatamo ng edukasyon, na sasabihin lang, “Buweno, may digri na ako ng pagkadoktor, o—o LL.D.”? Yun po’y *pagkaalam* lamang sa Reseta, hindi ’yun ang pagtanggap Dito.

¹⁵⁷ Diyos, dalangin ko po ngayon na tanggapin ng bawat isa sa amin ang mga kapanglawan ni Cristo sa sarili naming puso, dalhin namin ang Kanyang mga pagdurusa, para mapagtanto namin na kailangan naming pagdusahan din ang kadustaan ng Kanyang Pangalan, na dapat naming pagdusahan. At maging tulad nawa kami ng mga alagad noong una, na tumalik, na nagagalak dahil ibinilang kami na mapribilehiyo para dalhin ang kadustaan ng Kanyang Pangalan. Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

¹⁵⁸ Mananalangin po ako para sa mga maysakit, Panginoon, papatungan sila ng mga kamay. Itinaas nila ang kanilang mga kamay, marami sa kanila, at marami ang ipapanalangin, at may hawak na mga prayer card. At ang ilan ay narito’t hindi nakapasok sa tamang oras para makakuha ng prayer card, pero sila’y—sila’y—sila’y sasampalataya nga, Panginoon. Haya’t itinataas nila ang kanilang mga kamay, na tila ba, sa tingin ko, ay buong kongregasyon mismo. Marami sa kanila ang may karamdaman. Narito po ang mga panyong ito na nakalatag dito, habang nadadarama ko ang Iyong Makalangit na Presensya sa pamamagitan ng pinahirang Salita, pagalingin Mo po sila, Panginoon. Ipagkaloob Mong matugunan ang kanilang mga kahilingan.

¹⁵⁹ At ngayon mula sa mga panyo, papunta sa mga tagapakinig, papunta sa mga tao na nakaupo roon sa labas na nagdurusa. Oh, ang Presensya ng Panginoon, ibunsod po mismo Ito na dumating, Ama, at pagalingin silang lahat. Iyo po bang ipahihintulot, ngayong umaga sa Makalangit na biyaya, kapag nagtapat kami, Panginoon...? Ako na Iyong lingkod, ipinagtatapat ko ang kawalan ng kakayahan. Wala akong kahit isa mang bagay, Panginoon, na maihaharap sa Iyo bilang merito. Hindi kami karapat-dapat. Walang sinuman sa amin ang makagagawa nun, Panginoon. Hindi kami karapat-dapat para sa mga bagay na hihilingin namin. Subalit, Panginoon, alam naming umalis si Jesus, umakyat sa Kaluwalhatian, at doon ay naghahanda Siya ng lugar na pupuntahan at kami’y tatanggapin sa Kanyang Sarili. At sinabi Niya sa amin na magpapadala Siya ng isang Mang-aaliw, ang Espiritu Santo, at gagawin Niya ang Kanyang gawa’t mananatili kasama namin magpakailanman.

¹⁶⁰ Oh Banal na Espiritu, Espiritu ng Diyos, pumarito Ka pong muli sa amin ngayong umaga, at pagtibayin Mo ang Iyong Presensya, Panginoon, sa parehong paraan na ginawa Mo noong lumakad Ka rito sa lupa, nang sa gayon malaman ng mga tagapakinig dito na narito Ka sa mga huling araw na ito

para pagtibayin ang Iyong Salita, at para patunayan na “kung paano ang nangyari sa mga araw ni Lot, gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.” Panginoon, para ito sa Iyong ikararangal at ikaluluwalhati na hinihiling namin ito, habang isinusuko namin ang aming mga sarili sa Iyo kalakip ng pagtatapat namin. Linisin Mo po kami sa pamamagitan ng Iyong Dugo, Panginoon. Hugasan Mo kami sa pamamagitan ng tubig ng Salita, at linisin kami sa Dugo. At iharap Mo kami, Panginoon, bilang “mga halimbawa,” gaya ng sinabi ni Pedro sa tekstong binasa ngayong umaga, sa mundo ng mga di nananampalataya. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹⁶¹ Hihilingin ko sa kapatid na babae ngayon na may... at sa piyano, pansumandali. Baka medyo atrasado na tayo ngayon, pero, oh, hindi naman ako nakakapunta nang madalas. Pagtiisan n’yo lang kami, hayan po, maaari bang manatili lamang ang bawat isa nang ilang minuto ngayon, mananalangin na tayo para sa bawat isa. Billy, Billy Paul, nasaan—nandito ba siya? Saan ka namigay, namigay ka ba ng mga mga prayer card? Ano uli? B, bilang isa hanggang sandaan. Kuhanin lamang natin ang ilan sa mga B at tingnan kung ipagkakaloob Niya sa atin ang espirituwal na pagkilala. Maaari ba? Kung narito Siyang kasama natin. Hilingin n’yo lamang sa Kanya, nananampalataya ba kayong gagawin Niya? Nangaral na ako at ako’y—ako’y pinahiran, pero ngayon tapos na akong mangaral ukol dito, kita n’yo.

¹⁶² At sige’t patayuin natin ang mga tao. Buweno, mananalangin tayo para sa kanilang lahat, siyanga, sige’t sisimulan lang sa bilang na isa. Sino ang may B, bilang isa? Tumayo po, kung sinong may prayer card. Hindi, siguro’y dadalhin ko na lamang sila rito, padaanin sila sa pasilyo rito tapos pababa. Sige’t pumunta na ang B, bilang isa, kung nakanino ito, prayer card bilang isa? Wala po ba rito sa gusali? Sige, umpisahan na natin... Oh, paumanhin, binibini. Ayos lang, sige. B, bilang dalawa, natawag na natin kasi ang bilang isa. Papuntahin rito ang B, bilang dalawa. Nakanino po, maaari mo bang itaas ang kamay mo para makita namin? Halika, binibini, pumarito ka mismo. Tatlo, nakanino ang tatlo? Ngayon pumila na kayo hanggang dun sa dingding, lilipat tayo, o pagawi roon sa likod kung saan man. Sige na po, buweno, prayer card bilang tatlo, sino ang pupunta? Ito ba ’yung binibini na papalapit dito? Hindi ko nakita ang kamay mo, mawalang-galang po, kapatid na babae. Bilang apat, nakanino ang prayer card bilang apat? Maaari mo bang itaas ang iyong kamay para makita ko kung sino ka? Yung lalaki rian sa likod, ’yung itim na kapatid, maaari ka bang lumapit dito, ginoo, bilang apat. Bilang lima, nakanino ang bilang lima? Yaong ginoo roon sa likod, maaari ka bang pumunta rito kung—kung mamarapatin mo? Bilang anim, nakanino po

ang prayer card bilang anim, maaari mo bang itaas ang kamay mo? Sa dako rito, sige, bilang anim, ginoo. Pito. Ngayon, sige lang po para hindi magsiksikan. Pito, sige, pumuta ka na rito, pito. Ngayon bilang walo, habang ikaw ay . . . Maaari ka bang lumapit, ginoo? Bilang siyam. Sige, ginoo. Bilang sampu. Sige, munting bata.

¹⁶³ Habang binubulay natin 'yun, ang pinakamatamis na bagay, noong pagpasok ko riyang, isang munting batang lalaki ang sadyang—sadyang halos ikamatay ko ang pagninilay tungkol dun, nakatayo riyang ang isang munting batang lalaki kanina, sabi niya, “Kapatid na Branham, maaari mo bang gawin ang isang bagay para sa akin?” Ganito lang kalaki sa munting bata na ito.

Sabi ko, “Ano 'yun, iho?”

¹⁶⁴ Sabi niya, “Ipanalangin mo po ang aking nanay.” Sabi, “Nagagamit po niya kasi ang Pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan, at si nanay po'y sadyang napakasama ng buhay.”

Sabi ko, “Saan ka nakatira? Dito ba sa bayan?”

Sabi, “Opo, ginoo.”

¹⁶⁵ Gusto niyang maging mabuting babae ang nanay niya. At, kaya pala, sinabi ni Isaias “papatnubayan sila ng isang bata.”

¹⁶⁶ Bilang sampu na bilang, hindi ba't bilang sampu na? Sige, bilang labing-isa. Sige, bilang labindalawa, bilang labindalawa. Sige, bilang labintatlo, labing-apat. Sige, labinlima. Labinlima, hindi ko pa nakikita, bilang labinlima. Labing-anim. Sige, umikot ka sa gawi roon, ginoo, kung mamarapatin mo, labing-anim. Labimpito, labing-walo. Labing-walo, hindi ko pa nakikita. Sige, binibini, o kapatid na babae, labing-walo. Sige, ngayon bumaling ka sa gawi roon, binibini, kung mamarapatin mo, gumawi ka roon. Ngayon tingnan n'yo, ang pila para sa pananalangin, sapat na bilang muna 'yan para makatayo sila nang minsanan.

¹⁶⁷ Habang papaunti ang nasa pila para sa pananalangin, kita n'yo, pagkatapos nga'y si Billy Paul o ang ilan sa kanila rito mula sa entablado. . . si Kapatid na Neville, Kapatid na Neville, si Kapatid na Neville po maya-maya, kapag nakita n'yo na sila. . . Ngayon, kapag nakita n'yo si Kapatid na Neville na tinitingnan ang pila para sa pananalangin kung kumakaunti na. . . sesenyas siya nang paganoon, dahil nananalangin ako n'yan para sa Espiritu Santo. . .

¹⁶⁸ Ngayon, ang lalaking ito, mayroon kang prayer card, diyan sa silyang de gulong, ginoo? Mayroon siyang—siyang—siyang prayer card niya. Sige, maaari n'yo na siyang dalhin dito sa pila para sa pananalangin. Ngayon, mayroon pa bang iba na—na—na narito, na hindi kayo makatayo? Mayroon pong aalalay sa kanila kung sila. . . kapag kanilang—kanilang pagkakataon na,

kita n'yo. Ngayon, magbulay lamang kayo, magsimula tayo kung saan ako tumigil dun sa bandang labing-walo o dalawampu, diyan marahil, tapos sumunod lang sa pila 'yung dalawampu't isa, dalawampu't dalawa, alam n'yo na ang puwesto n'yo sa pagpasok n'yo.

¹⁶⁹ Nagmamalasalakit ba kayo ngayon? Naniniwala ba kayong nagmamalasalakit Siya sa tuwina? Naniniwala ba kayong nagmamalasalakit Siya ngayon? Kung—kung Siya'y—kung Siya'y nakapagmalasalakit noon, sa tuwina nga'y nagmamalasalakit Siya. Naniniwala ba kayo roon? Ngayon ibig ko na ang lahat ay maging talagang mapitagan mismo, manatili lang kayo sa puwesto n'yo at manalangin. Ngayon, kayo riyan sa mga tagapakinig, manalangin din kayo. Ngayon, paano Siya nagmalasalakit? Dahil hindi Siya maaaring magmalasalakit nang higit, at walang tao o walang propeta, wala nang iba ang makalalampas sa mga hangganan ng ipinangakong gagawin ng Diyos. Tama ba? Ngayon, di ko alintana ngayon, maaaring dumaan na kayo sa mga pila para sa pananalangin nang makasandaang beses na, pero kayo na nakatayo ngayon at kayo na nakaupo, kung may kasalanan sa buhay n'yo, kawalan ng pananampalataya, ipagtapat n'yo na ito ngayon ora mismo. Huwag kang mangahas na sumabak dito nang wala 'yun. Kung kayo'y—kung kayo'y pipila rito at kahit gaano pang may pahid ang isang tao, at tatayo at papatungan kayo ng mga kamay, tiyak na magmimintis kayo rito nang—nang sandaang milya maliban na sampalatayanan n'yo mismo ito. Kinakailangan n'yo itong sampalatayanan. Kinakailangan n'yo itong ipahayag. Kailangan n'yo. Kita n'yo, pagkatapos kung titingnan n'yo rito, kung paanong mayroong. . . umaasa akong nakukuha n'yo ang kabuoan. Kita n'yo? Ganap na imposible para sa Diyos na hindi tuparin ang Kanyang Salita sa inyo, kung tinupad n'yo ang salita n'yo sa Diyos. Kita n'yo? Kung talagang sinasampalatayanan n'yo ito, walang anumang bagay ang makapagpapaalinlangan sa inyo rito. Oras, agwat, wala ngang kung ano ang makapagpapaalinlangan sa inyo ukol dito. Sampalatayanan n'yo ito. Sumasampalataya ba kayo rito?

¹⁷⁰ Ngayon, ngayon titingnan ko ang pila rito para sa pananalangin. Sa abot ng nalalaman ko, maliban sa lalaking ito rito mismo, haya't kakilala ko siya; at alam ko, kakilala ko si Gene Slaughter na nariyan, kilala ko siya; maliban sa kanya. . . hindi ko alam kung ano—kung para saan ang pagtayo nila rito. Wala akong ideya kung para saan at nariyan sila. Ang Diyos ang nakakaalam. At ngayon yamang nalalaman n'yong lahat na wala akong alam tungkol sa inyo, sige't itaas n'yo ang inyong mga kamay, kayong nakatayo riyan. Ngayon, ilan dito sa mga tagapakinig ang nakakaalam na wala akong nalalaman na anumang tungkol sa inyo, sige't itaas n'yo ang inyong mga kamay. Ngayon ilan ang nakakaalam na alam ni Jesus Cristo ang mga

bagay tungkol sa inyo?

¹⁷¹ At ilan ang magiging handa na sabihin ang ganito: “Nananampalataya ako nang buong puso ko na pinagaling na ako ni Jesus noong ipinako Siya sa krus sa Kalbaryo”? Tama ’yun. Kita n’yo? Ngayon, kung ginawa na Niya ito, kung ganoon pananampalataya n’yo na lang ang kailangan para tanggapin ito. Ngayon, nagmalasakit Siya nang sapat para gawin ito, may sapat ka bang pagpapahalaga para isantabi ang bawat alinlangan, at sampalatayanan ito? Ilagak n’yo ang inyong mga alalahanin sa Kanya, sapagkat nagmamalasakit Siya para sa inyo.

¹⁷² Ngayon, kung kayo’y may sakit, kung kayo’y nahihirapan, haya’t saksi ako, buweno, alam n’yo, sa sampung libong makalibo-libong bagay na pinangyari ng Espiritu Santo. At alam n’yo ’yun; ’yung mga himatayin, maging ’yung mga namatay na.

¹⁷³ Isang lalaki ang bumagsak at namatay rito mismo sa entablado, dito mismo sa harapan natin, halos tatlong linggo na ang nakararaan. Ang maybahay niya’y isang rehistradong nars na nakaupo rito. At basta na lang natumba ’yung lalaki. Nakaupo siya rito sa kung saan. Narito ang maybahay niya na nakaupo rito ngayon, at—at narito rin siya sa isang dako rito ngayon. Oo, heto nga siyang nakatayo rito mismo. Tumirik ang mga mata niya, unitim nang paganoon, mismo. . . bumagsak, at bumaba ako. Sinuri siya ng maybahay niya, wala nang tibok, walang pulso. Ipinatong ko ang mga kamay ko sa kanya (wala na siya noon) at tinawag lamang ang espiritu niya, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at bumangon siya. Kita n’yo? Kita n’yo?

¹⁷⁴ Ano ’yun? Siya ang Pagkabuhay na Mag-uli’t ang Buhay. Hindi ako. Ang Mang-aaliw ’yun na siyang kumilos, ang Espiritu Santo na namamagitan para sa atin. Kita n’yo? Tinanggap na natin Siya, ngayon Siya naman ang bahalang mamagitan. Kung ganoon ay gaano kong. . . Maaari ba kayong iligtas ng Diyos na labag sa kalooban n’yo? Tiyak na hindi. Hindi Niya kayo maaaring pagalingin na labag sa kalooban n’yo. Kinakailangan n’yong sampalatayanan ito.

¹⁷⁵ Ngayon, ano kaya kung ganito, kung—kung mapapatunayan Niya, kung pahihintulutan ako ng Diyos na ipakita sa inyo sa pamamagitan ng isang Banal na kaloob na si Jesus Cristo’y narito’t kasama natin, na ang Mang-aaliw na ito’y si Jesus Cristo, Siya ang Salita. “Sa pasimula ay ang Salita.” Tama ba? “Ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin.” At sinabi ng Biblia, sa Mga Hebreo 4, na “Ang Salita ng Diyos ay mas matalas kaysa sa isang tabak na may dalawang talim, isang Kumikilala ng mga pag-iisip ng puso.” Tama ba? At ganoon ang ginawa ni Jesus para patunayang Siya yaong pinahirang Salita, ang Mesiyas. Oh, grabe! Hindi

n'yo pa ba nakikita? Ano ba ang Mesiyas? Yaong pinahiran. Ang pinahirang ano? Ang pinahirang Salita! "At ang Salita ay nagkatawang-tao." Siya yaong pinahirang Salita! Nakikita mo ba, Kapatid na Vayle? Kita n'yo, Siya ang pinahirang Salita!

¹⁷⁶ At ngayon kapag ipinagkakatiwala mo na ang iyong sarili sa Kanya, pagkatapos nga'y gagamitin ka Niya nang higit pa sa iyong nalalaman, na pinatutunayang Siya pa rin ang pinahirang Salita, isang Kumikilala ng mga pag-iisip ng puso. Oh, paano, paanong mag-aalinlangan pa ang sinuman? Sumampalataya lamang. Huwag mag-alinlangan. At ngayon kayo na mga nakaupo rian, akin—akin ngang natumbok ang paksa na 'yan ngayong umaga. Noong nangamba ang isang munting babae na baka di siya makadako sa pila para sa pananalangin, marahil, pero nahipo niya ang laylayan ng damit ni Jesus at lumingon Siya. Sumasampalataya ba kayo roon? Nananampalataya ba kayong maaari itong maipangyari muli sa panahong ito? Oo. Ngayon, papaano n'yo ito hihipuin?

